


# **BAGONG BUHAY KAY CRISTO**

---

**Volume 2**

**Mga Karagdagang  
Pangunahing  
Hakbang  
sa Buhay  
Cristiano**



Ito ang edisyon sa Tagalog ng NEW LIFE IN CHRIST, Vol. 2 (Bagong Buhay kay Cristo, Vol. 2). Ito ay orihinal na nalathala sa Espanyol bilang NUEVA VIDA EN CRISTO ng Iglesias Evangelicas Centroamericanas at CAM International sa Costa Rica.

Para sa karagdagang impormasyon, mag email sa [info@nuevavidaencristo.org](mailto:info@nuevavidaencristo.org)

Maaari kang mag download ng libreng kopya ng araling ito sa sumusunod na website: [www.New-LifeDiscipleship.com](http://www.New-LifeDiscipleship.com)

Ang Bagong Buhay kay Cristo ay magagamit sa English, Spanish, at iba pang mga wika.

Pinahihintulutan ang sinuman na gumawa ng kopya ng materyal na ito, na may kondisyong banggitin ang orihinal na pinanggalingan nito at huwag gumawa ng anumang pagbabago sa nilalaman at pagkagawa nito.

Karapatang-sipi Mark Robinson, 2001  
Unang salin sa Tagalog 2018

Naisagawa ng Camino Global  
8625 La Prada Dr., Dallas, TX 75228 USA

# Nilalaman

Gabay Sa Guro .....	4
Step 1 Ang Kilalanin ang Dios .....	6
Step 2 Si Cristo ang Aking Modelo .....	8
Step 3 Tinawag upang Maglingkod .....	10
Step 4 Sino Ako kay Cristo .....	12
Step 5 Pakikipagbakang Espiritual .....	14
Step 6 Ang Baluti ng Dios .....	16
Step 7 Magpatawad nang Maging Malaya .....	18
Step 8 Patawarin Mo Ako .....	20
Step 9 Tinawag na Maging Banal .....	22
Step 10 Ang Cristiano at ang Salapi .....	24
Step 11 Kaya kong Gawin ito, Subalit Dapat ba? .....	26
Step 12 Paggawa ng Tamang Desisyon .....	28
Step 13 Ibahagi si Cristo .....	30
Step 14 Mga Bagay na Mangyayari sa Hinaharap .....	32
Step 15 Mga Pangyayari pa sa Hinaharap .....	34
Apendices	

# GABAY SA GURO



1. Binabati ka namin sa pagtanggap sa hamon na gawing alagad ang mga bagong mananampalataya gamit ang Bagong Buhay kay Cristo bilang iyong gabay, Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magdudulot ng walang-hanggang bunga.
2. Hayaang ang Biblia ang mamahalang sumagot sa mga katanungan. Ang mga mag-aaral mismo ay kailangang tumingin sa mga talata sa Biblia at sagutin ang mga tanong ayon sa sinasabi ng Biblia lamang.  
  
Maaring ang iba na hindi pa nakabasa ng Biblia ay mangailangan ng gabay kung paano makita ang mga aklat sa kanilang mga Biblia.
3. Kadalasan, ito ay pinag-aaralan minsan sa isang linggo, hinihimok ang mga alagad na gawin lahat ang mga takdang-aralin sa bawat pag-aaral.
4. Iwasang humaba ang oras ng inyong pag-aaral.
5. Himukin ang mga mag-aaral na sagutan ang mga tanong sa sarili nilang mga salita imbis na kopyahin lang ang bawat salita sa Biblia. Sa pagsagot nila sa sariling salita ay makakatulong sa kanilang pagka-unawa sa kahulugan ng mga talatang kanilang pinag-aaralan.
6. Iwasan ang mangaral. Gumamit ng mga tanong upang makita kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin at upang magkaroon sila ng aktibong bahagi sa pag-aaral.
7. Maghanda ng maigi sa bawat pag-aaral. Bilang guro, maging pamilyar ka sa nilalaman at sa mga susing konsepto ng bawat aralin.

Sa iyong paghahanda, laging isama ang pananalangin para sa iyong mga mag-aaral at para sa iyong puso

8. Subuking ipaisip sa mga mag-aaral ang mga implikasyon sa kanilang buhay ng mga aralin. Tulungan silang maunawaan ang tiyak at praktikal na pagsasabuhay ng bawat natutunan sa aralin.

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga takdang aralin na nakalagay sa gilid ng bawat aralin

9. Tulungan ang mga mag-aaral na linangin ang ugali ng pananalangin. Turuan sila sa pamamagitan ng pananalangin kasama sila.
10. Napakahalagang maunawaan na ang paggawa ng alagad (Discipleship) ay higit pa sa pag-aaral ng mga araling ito, Ang paggawa ng alagad ay nagpapakita ng pagbabago sa buhay ng mga alagad.

Ang manwal na ito ay unang hakbang lamang. Ang mag-aaral ay nangangailangan ng patuloy na gabay sa pagnanais nilang magkaroon ng pagbabago sa kanilang pagkatao, paraan ng pag-iisip, mga gawi at iba pa.

11. Napakahalaga na matutunan ng mga alagad/mag-aaral ang kahalagahan ng araw-araw na pagbabasa ng Biblia, panalangin at ang pagkakabisa ng mga talata sa Biblia. Himukin silang gawin itong ugali nila.

Huwag pagalitan ang mga mag-aaral kung hindi nila na kumpleto ang mga takdang-aralin, pero siguraduhing mahimok silang tapusin ang mga ito.


12. Maging sensitibo sa ginagawa ng Dios sa buhay ng iyong mga tinuturuan. Magkaroon ng panahong sagutin ang mga katanungan nila o tulungan sila sa mga hinaharap nilang mga pagsubok o problema sa kanilang mga personal na buhay.
13. May mga pagkakataong kukulangin ka sa oras para sagutin ang bawat mga tanong kaya pumili ka ng mga piankamahalagang tanong na dapat pag-usapan.
14. Kapag natapos mo na ang manwal na ito, himukin ang iyong mga tinuturuan na magpatuloy sa pag-aaral ng serye ng BAGONG BUHAY KAY CRISTO na pwedeng ma download sa [www.NewLifeDiscipleship.com](http://www.NewLifeDiscipleship.com)

## Welcome sa Pamilya ng Dios!

Congratulations! Kung tinanggap mo si Cristo bilang personal mong Tagapagligtas, ikaw ay ipinanganak muli sa pamilya ng Dios. Ang mga kasalanan mo ay pinatawad na at ikaw ay isang bagong nilalang na mayroong buhay na walang hanggan



***Kaya nga, kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya ay bago nang nilalang. Ang mga dating bagay ay lumipas na, narito, ang lahat ng bagay ay naging bago." 2 Corinthians 5:17***



Ang Dios ay nagpapasimulang gumawa ng pagbabago sa iyong buhay. Mamuhay ka bawat araw sa pananampalataya, ipagkatiwala ang sarili sa Dios na makakagawa ng pagbabago sa iyong buhay. Magkaroon ka ng katyagaan at maghintay nang may pananabik at pag-asa. Ang isang dakilang paglalakbay sa bagong buhay ay nakaabang para sa iyo!

Una sa lahat, alalahanin mong ikaw ay naligtas dahil lamang sa kagandahang-loob ng Dios at hindi sa sarili mong gawa. Bilang mananampalataya, magpatuloy kang nabubuhay sa Kanyang biyaya. Ang iyong posisyon sa Dios ay laging nakabase sa ginawa ni Cristo para sa iyo doon sa krus, hindi sa kung ano ang magagawa mo para sa Dios. Ang buhay Cristiano ay buhay ng pagdepende kay Cristo. Magtiwala sa Kanyang pagligtas, at sa kapangyarihang maipamuhay ang buhay na Kanyang ibinigay sa iyo sa bawat araw.

Maaari kang madismaya kapag ikaw ay mabuwal at magkasala, subalit imbis na lumingon ka sa nakaraan, lagi mo lang tingnan si Hesus doon sa krus. Ang Kanyang ginawa ang tanging pag-asa natin para sa pagbangon at tagumpay. Kaya laging umasa at dumepende sa Kanya na Siya ay laging mapapatawad ang ating mga pagkakamali at kapalpakan. Kung kikilalanin mo lang ang iyong kasalanan at magsisisi, Siya ay tapat upang ikaw ay patawarin at linisin sa gayon ay maibalik ang iyong ugnayan sa Kanya.


## Mga kailangan mong gawin upang makatulong sa iyong paglago

Bilang isang bagong mananampalataya, ikaw ay nagpapasimula ng relasyon kay Cristo na lalago sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya. Ang matutong sumunod sa kanya ay tinatawag na "pagiging-alagad" o "discipleship".

May mga kailangan kang gawin upang makatulong sa pagpapalakas mo bilang isang bagong Cristiano. Sa tuwing ikaw ay magsasanay, mas lalo kang lalakas.

- ✓ Nais ni Cristo na maging sentro ng buhay mo. Magpasakop ka sa Kanya tuwina, hayaan mo Siyang mag control ng lahat ng bahagi sa buhay mo.
- ✓ Manalangin sa bawat araw sapagkat ito ay pakikipag-usap sa Dios.
- ✓ Basahin ang Biblia, ang Salita ng Dios. Simulang sabihin sa Dios "narito ako Panginoon, handang makinig sa iyong tinig sa pamamagitan ng iyong kasulatan".
- ✓ Humanap ng Lokal na Iglesia na nangangaral ng Biblia. Ang ibang mga mananampalataya ay iyong mga kapamilya.
- ✓ Talikuran ang kamunduhan at ang mundo ng kasalanan na dati mong kinabibilangan. Humingi ng tulong sa Dios na mapatagumpayan mong tanggihan ang mga tukso at mga bagong pamamaraan ng pakikipag-agkaibigan sa mundo.
- ✓ Kung ikaw ay magkasala, ipahayag ito sa Dios nang may pagsisisi at tanggapin ang kapatawarang Kanyang ibinigay. Hindi mo kailangang patuloy na maramdamang ikaw ay hindi katanggap-tanggap o kahiya-hiya ka sapagkat ang Dios ay nagpapatawad at muling ibabalik sa iyo ang buong pakikipag-ugnayan Niya sa iyo kahit na pakiramdam mo ay hindi ka karapat-dapat.
- ✓ Ipagsabi mo sa iba ang patungkol kay Cristo kung paano mo naranasan ang kahabagan ng Dios at ang bagong buhay na ibinigay Niya sa iyo sapagkat sila ay parang mga tupa na walang pastol.
- ✓ Kapag natapos mo na ang araling ito, magpatuloy ka pa sa mga ibang aralin patungkol sa iyong bagong buhay kay Cristo.





## Step 1 Ang Kilalanin ang Diyos

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ang Diyos ay personal na nagmamalasakit sa akin.
- \_\_\_\_\_ Makikilala ko ang patungkol sa Diyos sa pamamagitan ng mga pangalang ibinigay sa Kanya.
- \_\_\_\_\_ Sapat na ang magbasa ng Biblia at manalangin upang makilala ko ang Diyos.

Upang makilala ang isang tao, kailangan mong mag-ukol ng maraming panahon na makasama siya. Ito lamang ang tanging paraan para kilalanin sila. Ganoon din sa ating personal na pakikipag-ugnayan sa Panginoon; kailangan nating mag-ukol ng mga panahon sa Kanya.

### ANG PERSONAL NA DIYOS

Sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay personal, hindi Siya Diyos na napakalayo at walang interest/pakialam sa ating mga buhay. Siya ay malapit at interesado sa ating mga buhay at Siya ay nagmamalasakit sa mga nangyayari sa ating mga buhay.

1. Awit 139:1-3 Ano ang mga bagay na "alam" ng Diyos sa atin? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Lukas 5:18-20 Isang araw, nang si Hesus ay nagtuturo sa maraming tao, dinala ng ilang tao ang kanilang kaibigan na paralitiko para siya ay gumaling. Hindi inalin-tana ni Hesus ang pagkaabala dahil sa nangyari. Sa kabaligtaran, nag-ukol Siya ng panahon para sa pangangailangan niya. Ano ang 2 bagay na ginawa ni Hesus sa paralitiko? v. 20, 24 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Lukas 5:30-32 Si Hesus ay tinuligsa dahil sa Kanyang pag-anyaya sa isang corrupt na maniningil ng buwis na nagngangalang Levi upang sumunod sa Kanya. Bakit? v. 29-30  
\_\_\_\_\_  
Ano ang naging tugon Niya sa mga tumutuligsa sa Kanya? v. 31-32 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Sa pagkabasa ng mga talatang ito, naiisip mo bang ang Diyos ay personal na interesado sa iyong buhay, kahit na ano pa ang nangyari sa buhay mo? Oo  Hindi   
Bakit? \_\_\_\_\_
5. Paano natin makikilala ang Diyos ng personal?  
Juan 5:39 \_\_\_\_\_  
Jeremias 33:3 \_\_\_\_\_  
Ang Diyos ay laging handang makinig sa atin at tumugon upang tulungan tayo sa ating mga kailangan. Hindi tayo nag-iisa sapagkat Siya ay ating kasama.

### ANG KILALANIN ANG DIOS KUNG SINO SIYA

Ang Dios ay laging nagnanais magkaroon ng relasyong may pagmamahal sa bawat isa sa atin. Ang mga tao noon ay nakilala Siya sa Kanyang mga pangalan, pagkakilalan at mga katangian Niya.

### ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

Ikaw ba ay nag-uukol ng panahon para makilala ang Diyos ng personal? Oo  Hindi

Kung ang iyong sagot ay hindi, nais mo bang italaga ang iyong sarili na mag-aral ng Kanyang Salita at mananalangin araw-araw upang makilala Siyang lalo? Oo  Hindi



Ito ay mahalagang pagtatalaga mo. Ito ang tamang araw na pasimulan mo na ito. Kilalanin mo ang nagmahal sa iyo at nagbigay ng Kanyang buhay para sa iyo. Galacia 2:20

Petsa \_\_\_\_\_

Lagda \_\_\_\_\_

GAWIN NATIN ITO!




**Panginoon,  
nais  
kitang  
makilala**

## PAG-ISIPAN ITO

Pagbulay-bulayan sa Linggong ito ang mga pangalan ng Diyos na nakasulat sa ibaba.

Lalo na kung ang isang partikular na pangalan ay makabuluhan sa iyo. Markahan ito, at pasalamatan ang Diyos sa pagpapalang tinanggap sa pamamagitan ng pagbulay-bulay sa aspeto ng katangian ng Diyos.

- Mabuting Pastol (Juan 10:11)
- Aking Pag-asa (Awit 71:5)
- Aking Matibay na Bato (Awit 18:2)
- Aking Muog (Awit 18:2)
- Aking Tagasagip (Awit 18:2)
- Aking Pananggalang (Awit 18:2)
- Aking Tagapagligtas (Awit 18:2)
- Aking Kublihan (Awit 32:7)
- Tapat at Totoo (Pahayag 19:11)
- Ang Matuwid na Hukom (2 Tim. 4:8)
- Tagapamagitan (1 Timoteo 2:5)
- Aming Kapayapaan (Efeso 2:14)
- Tinapay ng Buhay (Juan 6:35)
- Prinsipe ng Kapayapaan (Isaias 9:6)
- Aking Manunubos (Awit 19:14)
- Mahabaging Ama (2 Cor. 1:3)
- Dakilang Punong Pari (Hebreo 4:14)



## LUMALAGONG MATATAG

Basahin Awit 1-7  
(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin:  
Juan 5:39

*"Sinasaliksik ninyo ang mga kasulatan sapagkat sa palagay ninyo na sa mga ito ay may buhay na walang hanggan. Ang mga kasulatang ito ang nagpapatotoo patungkol sa akin."*

6. Ano ang pangalang ginamit ng Dios sa Genesis 17:1? \_\_\_\_\_  
Ano ang ibig sabihin nito sa ating buhay "ang makilala na Siya ay Dios na Makapangyarihan"? \_\_\_\_\_

7. Ano ang tinawag sa Diyos sa Exodo 34:14? \_\_\_\_\_  
Bakit Siya ay naninibugho? v. 14-15 \_\_\_\_\_  
Ang Idolatry ay ang paglagay ng bagay o sinuman sa lugar na kung saan ang Diyos lamang ang dapat nandoon. Pwedeng ito ay ang iyong pamilya, laro, trabaho, kaibigan, at marami pang iba.

I-check ang mga bagay sa ibaba na pumapalit sa Dios sa iyong buhay:

- Trabaho     Pamilya     Mga kaibigan     Pera     Libangan
- Television, Videos     Romansa o Relasyon
- Musika     Internet     Mga gawi     at iba pa... \_\_\_\_\_



8. Ayon sa Efeso 2:14 ang Dios ay ang ating \_\_\_\_\_  
Para sa iyo, ano ang ibig sabihin na Siya ang ating kapayapaan? \_\_\_\_\_

9. Sa Awit 23 Tinawag ang Diyos bilang ating Pastol, na ang pangunahing ginagawa ay ang alagaan ang tupa. Basahin ito at isulat ang mga pangako na matatagpuan sa bawat talata:

v. 1 \_\_\_\_\_

v. 3a \_\_\_\_\_

v. 3b \_\_\_\_\_

v. 4 \_\_\_\_\_

v. 6 \_\_\_\_\_

10. Habang binabasa mo ang mga talatang ito, ano ang pumasok sa iyong isip at puso? \_\_\_\_\_

- Inaalihw tayo ng Diyos. Nais mo bang tanggapin ang Kanyang kaaliwan o maaawa ka na lang lagi sa iyong sarili? \_\_\_\_\_
- Ang pastol ay inakay tayo sa landas ng katuwiran. Kumusta ang iyong pamumuhay? Ito ba ay matuwid na pamumuhay?  Oo  Hindi
- Anong landasin ang kinahaharap mo? May kapayapaan ka ba sa pinili mong pamumuhay? \_\_\_\_\_
- Naniniwala ka bang ang Diyos ay nagmamalasakit sa iyo?  Oo  Hindi
- Naniniwala ka bang pwede mong makilala nang personal ang Diyos?  Oo  Hindi
- Nais mo bang magpatuloy pa sa pag-aaral ng Biblia araw-araw para lalo mo Siyang makilala?  Oo  Hindi

Pagbulay-bulayan kung sino ang Diyos sa pamamagitan ng mga bagay na nasa kaliwa. "PAG-ISIPAN ITO!!!"



## Step 2 Si Cristo ang Aking Modelo

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Mahal tayo lagi ni Hesus, kahit na ano pa ang ating ginagawa.  
 \_\_\_\_\_ Tinawag tayo para magsakripisyo upang makapaglingkod sa iba.  
 \_\_\_\_\_ Hindi tama na sabihin sa iba na sila ay namumuhay ng mali.

Si Cristo ay tunay at mananatiling pinakamainam na modelo na dapat tularan. Siya ay perpekto sa lahat ng bagay, ang nag-iisang namuhay at nagsabing: "Ako ang daan" at "'matuto kayo sa Akin".

1. Sino ang nabubuhay sa atin? Galacia 2:20 \_\_\_\_\_  
 Kung si Cristo na ang nabubuhay sa atin, paano tayo dapat mamuhay? \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 Tularan ang Kanyang halimbawa sa mga larangang ito:

### PAG-IBIG

2. Paano ipinakita ni Hesus ang pag-ibig Niya? Roma 5:8 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

Ang pag-ibig ni Cristo sa talatang ito ay:

- Unconditional (Mahal Niya tayo, sa kabila ng kung sino tayo at ano man ang ating nagawa)  
 Conditional (Mahal Niya lamang tayo kapag tayo ay mabuti)

3. Ayon sa Juan 15:13 "Wala ng hihigit pang pag-ibig kaysa rito, na ang isang tao ay \_\_\_\_\_ ng kanyang \_\_\_\_\_ para sa kanyang mga kaibigan."  
 4. Ngayon, tayo ba ay tinawag para magsakripisyo din? Oo  Hindi   
 Ang umibig katulad ni Hesus ay nangangahulugang handa tayong mag-alay ng ating sarili para sa iba. Hindi naman nangangahulugang tayo ay mamatay para sa kanila, kundi maging handa tayong mag-ukol ng panahon upang makinig sa kanila, at i encourage sila sa kanilang mga pinagdadaanan at tulungan sila sa iba pang bagay.  
 5. Paano malalaman ng iba na tayo ay mga tunay na alagad ni Cristo? Juan 13:34-35 \_\_\_\_\_  
 6. Paano tayo makakapanatili sa Kanyang pag-ibig? Juan 15:10 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

### PAGPAPAKUMBABA AT PAGLILINGKOD

7. Ano ang matutunan natin kay Cristo? Mateo 11:29 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 8. Basahin ang Filipos 2:5-8. Si Cristo, bilang Dios ay na nananahan sa kalangitang malayo sa kasamaan ng mundong ito, subalit sa kabila nito, ayon sa talatang 7, isinantabi ang Kanyang pagka-Dios at tinanggap Niya ang anyo ng isang \_\_\_\_\_.  
 Ano ang kahulugan ng pagiging alipin? \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 9. Ang pinakasukdulang pagpapakita ng pagpapakumbaba ni Hesus ay ang Kanyang kamatayan sa krus. (v. 8). Ang pagkapako sa krus ay hindi lang mahirap at masakit kundi ito ang pinakasumpang uri ng kamatayan. Namatay Siya sa pagitan ng mga

### MGA BAGAY NA DAPAT PAG-ISIPAN

Sinunod ni Cristo ang kalooban ng Kanyang Ama. Yamang ako ay kabilang sa Kanya, paano ko mabibigyan karangalan si Hesus sa aking buhay?

\_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

### PAGNILAYAN

Si Cristo ay nanalangin sa Ama bago pa magmadaling araw. Ano ang ginagawa ko pagkagising ko?



Kung hindi ako agad nakikipag-usap sa Ama, ano ang ipinapakita nito sa pananaw ko sa Diyos?

\_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

### GAWIN ITO

Markahan ang mga nasa ibaba na magiging listahan ng pagtatalaga mo sa buhay araw-araw:

- Mananalangin ako araw-araw na may kahilingang maging katulad ako lalo ni Hesus.  
 Hahanapin ko ang kalooban ng Diyos sa akin sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kanyang Salita at pananalangin,  
 Bawat araw, magpailalim ako sa Kanya, bibigyan ko Siya ng control sa lahat ng bahagit ng aking buhay.



## PAG-ISIPAN ITO

May mga saloobin ba na pumipigil sa atin para sumunod sa halimbawa ni Cristo ayon sa ating pag-aaral?


Markahan sa ibaba ang mga bagay na pumipigil sa iyo sa pagpapakumbaba at paglilingkod:

- Mga alalahanin sa lahat ng bagay.
- Nahihirapang patawarin ang iba
- Pagmamataas.
- kakulangan sa pasensya para sa iba.
- Nahihirapang magmahal sa iba.
- Paninibugho
- Inggit
- Pagkamakasarily
- Galit
- Pagkamarahas
- Marumi at masamang kaisipan/pag-iisip
- Pagkainis sa iba
- Machismo.
- At iba pa

---

---

---



## LUMALAGONG MATATAG

Basahin Efeso 1-6 at Awit 8 (isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: Mateo 11:29

*"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatan sa inyong pasanin, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan."*

magnanakaw, hubad, inalimura ng mga tao, hinatulan sa krus na para Siyang isang pusakal na kriminal imbis na hari. Ayon sa talatang 5 tularan natin Siya sa Kanyang pagpapakumbaba. Sa paanong paraan? v. 3-4 \_\_\_\_\_

10. Ayon sa Lukas 6:31, ano ang pinakamainam na paraan para maglingkod tayo sa iba? \_\_\_\_\_

## PAGKAHABAG

11. Ayon sa Mateo 9:35-36, si Hesus ay \_\_\_\_\_ sa mga tao. Bakit? \_\_\_\_\_

12. Paano mo tinitingnan ang mga hindi mananampalataya sa iyong paligid? Mas madali bang maging kritiko sa kanila o makaramdam ng habag para sa kanila? \_\_\_\_\_

13. Ang mga Fariseo na nais pabagsakin si Hesus, ay nagdala sa Kanya ng babaeng nahuli nila sa pangangalunya. Kanilang binigkas ang utos ni Moses, at tinanong si Hesus kung nararapat bang batuhin ang babaeng iyon. Tumugon si Hesus, "Sinuman sa inyo na \_\_\_\_\_ siya ang unang \_\_\_\_\_" Juan 8:7

14. Ano ang attitude ni Hesus sa babaeng nangangalunya na kaiba sa attitude ng mga tao sa panahon natin ngayon kapag may nakikita tayong namumuhay sa kasalanan? Juan. 8:10-11 \_\_\_\_\_

15.  Tama  Mali: Ang pagpapakita ba ng kahabagan sa makasalanan ay tanggapin o pagtakpan na lang ang kasalanan nila?

Sa kabila na si Hesus ay mahabagin, sinabi ni Hesus sa babae, "humayo ka at \_\_\_\_\_." v. 11

Ang tunay na kahabagan ay kaiba sa "pagpaparaya o tolerance". Ito ay dapat magtulak sa atin para pagsabihan at akayin ang nagkakasala sa tamang pamumuhay, hindi ang itolerate sila sa maling ginagawa nila.

## TAPANG NA HARAPIN ANG MALI

16. Paano hinarap ni Hesus ang pagpapaimbabaw ng mga Fariseo? Mateo 23:27 \_\_\_\_\_

17. Ang ilantad ang pagpapaimbabaw at kawalan ng katarungan ay nangangailangan ng tapang. Tama ba na itago ang mga mali sa kagustuhang huwag makasakit ng iba? \_\_\_\_\_

## PANALANGIN

18. Ano ang halimbawang ipinakita ni Hesus sa Markos 1:35? \_\_\_\_\_  
Bakit mahalaga ang manalangin sa umaga? \_\_\_\_\_

19. Minsan si Hesus ay nanalangin ng buong gabi bago Siya gumawa ng isang napakahalagang desisyon. Ano ang mahalagang bagay na Kanyang ipinanalangin? Lukas 6:12-13 \_\_\_\_\_

Inaasahan ng Diyos sa bawat mananampalataya na hanapin ang Kanyang kalooban sa lahat ng desisyon na kanilang gagawin. Bukod dito, hindi lang nanalangin si Hesus dahil may mahalaga Siyang pag dedesisyonan, kundi ninanais Niya na makipagugnayan sa Kanyang Ama.



**PAGSUNOD SA HALIMBAWA NI CRISTO**

**Step 3  
Tinawag upang Maglingkod**

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ang tanging paraan para maglingkod sa Diyos ay ang magkaroon ng mga posisyon sa iglesya.
- \_\_\_\_\_ Ang pinakamatatag na Cristiano ay may kakayahang mangaral.
- \_\_\_\_\_ Bawat mananampalataya ay may kakayahang maglingkod.

Ang paglilingkod ay bahagi ng ating buhay Cristiano, subalit hindi nauunawaan ng karamihan kung ano ang ibig sabihin ng paglilingkod. Tingnan natin kung ano ang itinuro ni Hesus sa Kanyang mga alagad patungkol sa kahalagahan ng paglilingkod.

1. Basahin ang Mateo 20:26-27 at punan ang mga puwang. Ang sinumang nagnanais na maging \_\_\_\_\_ sa inyo ay maging \_\_\_\_\_. At sinuman ang ibig maging \_\_\_\_\_ sa inyo ay magiging \_\_\_\_\_ ninyo. Ang mga tumitingin lang sa kanilang sarili at kapakinabangan ay hindi kailanman makatatagpo ng kaligayahang hinahanap nila. Tinuro ni Cristo na ang tagumpay ay makakamit ng sinumang nagsasantabi ng kanilang mga sarili para sa kapakanan ng iba.
2. Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “maging alipin ng iba”? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
Ang maglingkod ay nangangahulugan na magsakripisyo, subalit ang pagsasakripisyo ay may kaakibat na kaligayahan. Higit sa kabigatan, ang paglilingkod ng may sakripisyo sa iba ay isang pribilehiyo para sa atin..
3. Ang pinakamainam na halimbawa na dapat nating tularan ay ang ginawa ni Cristo sa Mateo 20:28. Hindi Siya naparito para \_\_\_\_\_ kundi para \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ ng Kanyang buhay na pantubos sa marami.
4. Magbigay ng halimbawa kung paano mo “maibibigay ang iyong buhay” para maglingkod sa iba. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**GAMITIN ANG IYONG MGA KALOOB**

Ayon sa Biblia ang Diyos ay nagbigay ng mga espirtual na kaloob sa bawat miyembro ng Kanyang iglesya. Ang “espirtual na kaloob” ay ang natatanging abilidad na maibabahagi mo sa pagpapatibay at paglago ng iglesya.



5. Sino ang mga mananampalataya na nakatanggap ng kaloob ng Espirito? 1 Corinto 12:7  
\_\_\_\_\_  
Note: Ang kapahayagan ng Espirito ay tumutukoy sa espirtual na kaloob.
6. Ano ang mga kaloob mo na iyong nagagamit? 1 Pedro 4:10 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
Ang mga kaloob ay galing sa Diyos at hindi dapat ginagamit sa sariling kapakinabangan kundi sa pagpapatibay ng ibang mananampalataya.

Basahin ang Roma 12:3-5 at sagutin ang mga katanungan:

7. Paano ko dapat tinitingnan ang aking sarili? v. 3 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**MGA DAPAT PAGBULAYAN**

Gumawa ng listahan ng mga espirtual na kaloob na alam mong mayroon ka at pag-aralan kung paano mo ito magagamit sa iglesya at iyong komunidad.



Kausapin ang iyong Pastor, at magtapat sa mga kaloob na ninanais mong magamit sa paglilingkod sa iglesya.

**PAG-ISIPAN ANG MGA BAGAY NA ITO**

Ang iglesya ay kinumpara sa katawan ng tao. Napukpok mo ba ang iyong hinlalaki at ito ay hindi mo nagamit sapagkat namaga? Ano ang iyong naging pakiramdam?

Isipin mo kung paanong ang iglesya ay pilay kapag may mga myembro na hindi ginagamit ang kanilang kaloob o kakayahan sa paglilingkod.

Paano naapektuhan ang ibang mananampalataya kung hindi mo gagamitin ang kakayahang ibinigay sa iyo ng Diyos?

## MGA DAPAT PANG PAG-ARALAN

Ano ang dapat na maging katangian ng mga alipin ni Cristo?



Pag-aralan ang mga susunod na talata, isulat kung ano ang dapat na **attitude** ng isang alipin.

Filipos 2:3-4

---

---

---

1 Corinto 10:31

---

---

---

Colosas 3:23-24

---

---


---

## LUMALAGONG MATATAG

Basahin Colosas 1-4 At Awit 9-11 (isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: Mateo 20:27-28

“...Sinumang ibig na mag-ing una sa inyo ay magiging alipin ninyo. Maging katulad siya ng Anak ng Tao na naparito, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at magbigay ng kaniyang buhay na pantubos sa marami.”



- Ang iglesia ay tinawag na “katawan ni Cristo” na may pagkukumpara sa katawan ng tao. Ayon sa verse 5 tayo ay \_\_\_\_\_, ngunit bumubo sa \_\_\_\_\_ katawan. Dahil dito, bawat mananampalataya ay dapat hanapin ang pakikiisa niya sa katawan sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.
- Sa talatang 4 May \_\_\_\_\_ bahagi sa isang katawan, ngunit ang mga bahaging ito ay ay may iba’t ibang \_\_\_\_\_. Yamang ang pagkaiba-iba na ito ay nakikita, dapat ba tayong mag-alala kapag hindi natin nakita na ang lahat ay may magkakatulad na kaloob?
- Sino ang pinakamahalagang tao sa iyong iglesyang kinaaaniban?  Pastor  Mga Guro  Musicians  Ang lahat ay mahalaga
- Ayon sa 1 Corinto 12:20-22, may iba bang mga myembro ng iglesia na mas mahalaga kaysa sa iba? \_\_\_\_\_ Bakit? \_\_\_\_\_

Walang lugar sa kayabangan at inggitan sa mga kaloob ng Espirito. Kapag may mga naiinggit pa sa iba dahil sa mga kaloob na mayroon sila, hindi pa nito nauunawaan ang itinuturo ng mga talatang ito. Ang Diyos ay may iba’t ibang ginagawa sa iba’t ibang mananampalataya. Ang kaloob ng iba ay maaaring nakikita katulad ng mga nangangaral o nagtuturo sa pulpito, subalit maraming mga kaloob na kasing halaga lang nito kahit ito ay hindi nakikita ng karamihan.

Sa kabilang banda, kapag ang iba naman ay ipinagmamalaki ang kanilang mga kaloob dahil tingin nila mas mahalaga ito, hindi pa rin nila nauunawaan na ang Diyos ang nagbigay ng mga iba’t ibang kaloob na ito, magkakaparehong mahalaga nakikita man o hindi nakikita ng karamihan.

- Ang sumusunod na references ay nagpapakita ng mga kaloob ng Espirito. Katulad ng pagtulong, pagtuturo, pagpapayo, pagbibigay, pamamahala, pagpapakita ng awa, pangangaral at pag papastor, etc.: Eph. 4:11; Rom. 12:6-8; 1 Cor. 12:7-10, 28-30.
- Makikita natin, na hindi lahat ng mga mananampalataya ay magkakatulad ng kaloob. Bakit kailangang maunawaan natin ito?

Huwag mong ilayo ang iyong sarili sa katawan ni Cristo. Ang iglesia ay uusad lang kung lahat tayo ay gagamitin ang mga kaloob ng magkakasama upang mabuo ang kumpleto at malusog na katawan.

- Paanong ang kongregasyon ay maaapektuhan kapag ang mga myembro ay hindi ginamit ang kanilang mga kaloob?

## PAANO KO MALALAMAN ANG AKING MGA KALOOB?

Ang pinakamainam na paraan para madiskubre ang iyong mga kaloob ay ang tumulong sa anumang mga pangangailangan. Pagkatapos na ma involved sa iba’t ibang gawain, maaari mo ng makita kung saan ka magaling at makakatulong, at kung saan ka rin naman mahina, Maaari ka ring humingi ng tulong sa mga malagong mananampalataya para tulungan kang makita ang iyong lakas at kahinaan.


- Ano ang mga kaloob na iniisip mong mayroon ka sa ngayon? \_\_\_\_\_

## BUOD

Ang Biblia ay nagtuturo sa bawat mananampalataya na maglingkod hindi lang mapaglingkuran. Binigyan tayo ng kaloob ng Diyos upang ibahagi ito sa paglago ng iglesia at ito ay ating gamitin.

## Step 4

# Sino ako kay Cristo?



TAMA (T) o MALI (M)

\_\_\_\_\_ Ngayong ako ay mananampalataya na, kabilang na ako sa pamilya ng Dios.

\_\_\_\_\_ Mayroon tayong natatanging katayuan kay Cristo.

\_\_\_\_\_ Mayroon akong batayan sa Biblia upang panatilihin ko ang aking maayos na pagtinging sa sarili.

Napakahalaga na maunawaan natin ang ating mga katayuan kay Cristo, sapagkat ang ating kaaway na si Satanas, ay matalas at tuso sa kanyang pag subok na ibagsak tayo. Ang kanyang ginagawa ay linlangin tayo sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng maling pagtingin sa ating mga sarili. At ito ang nagiging dahilan ng ating pagbagsak. Mayroon ba tayong espesyal na kalagayan kay Cristo o ito ay isang ilusyon lang. Ano ba ang sinasabi ng Biblia?

### AKO AY ANAK NG DIYOS

1. Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mga katagang "sa lahat ng sa Kanya ay tumanggap" ayon sa Juan 1:12 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
  2. Ano ang mangyayari sa sinumang tumanggap kay Cristo? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
- Ang mga anak ay may espesyal na lugar sa pamilya lalo na kung ang pamilya ay ang pamilya ng Diyos.

### AKO AY TEMPLO NG DIYOS

3. Ayon sa 1 Corinto 6:19 ang bawat mananampalataya ay templo o tahanan ng Diyos, Ayon sa talatang ito, sino ang naninirahan sa mga mananampalataya?  
\_\_\_\_\_
4. Sa talatang ito rin, ano ang ibig sabihin na "ikaw ay hindi para sa iyong sarili?"  
\_\_\_\_\_
5. Kung ang Diyos Espirito Santo ay naninirahan sa atin, may magagawa ba si Satanas laban sa atin? 1 Juan 4:4 Oo  Wala  Bakit? \_\_\_\_\_

### AKO AY BANAL, TINAWAG PARA MAGPAKABANAL

6. Sino ang mga "banal" na binabanggit ni Pablo sa Filipos 4:21? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
7. Sa 1 Corinto 1:2 sumulat si Pablo sa mga \_\_\_\_\_ ni Cristo, tinawag upang maging \_\_\_\_\_. Ang "itinalaga" (sanctified) ay tumutukoy sa katotohanan na ang bawat mananampalataya ay pinabanal, hindi sa sarili niyang gawa, kundi dahil sa ginawa ni Cristo. Ang itinalaga ay nangangahulugang tayo ay ibinukod mula sa mga bagay ng mundong ito upang mabuhay para sa Diyos

### AKO AY BAHAGI NG KATAWAN NI CRISTO

8. Sabi sa 1 Corinto 12:27. "kayo ang \_\_\_\_\_ at bawat isa ay bahagi nito". Ang sinumang tumanggap kay Cristo ay nabautismuhan sa Espirito Santo, na ang ibig sabihin siya ay naging bahagi ng katawan ni Cristo (1 Cor. 12:13). Ang katawan ni Cristo ay tumutukoy sa "universal church" na binubuo ng lahat ng mga mananampalataya ni Cristo sa buong mundo. (Efeso 1:22-23)

### MGA BAGAY NA DAPAT GAWIN

Bawat araw sa linggong ito, basahin ang isa o 2 mga talata at pagbulayan ang iyong katayuan kay Cristo.

- 2 Corinto 5:17
- Roma 6:1-11
- Roma 6:12-23
- Juan 15:1-5
- Juan 15:15
- Galacia 4:6-7
- Efeso 2:4-7
- Filipos 3:20
- 1 Pedro 2:11

Pagkatapos na mapagbulayan ang mga talatang ito, ano sa palagay mo ang iyong katayuan kay Cristo?



### PAG-ISIPAN ITO

Ang maunawaan ang iyong katayuan kay Cristo ay makakatulong sa at least 3 bahagi ng iyong buhay:

- Mapapanatili nito ang maayos na pagtingin mo sa iyong sarili base sa kung sino ka sa harapan ng Diyos.
- Habang tayo ay namumuhay sa katuwiran bawat araw, mauunawaan natin ang plano ng Diyos sa ating buhay.
- Mayroon tayong malakas na panlaban kay Satanas, sa mundo at sa ating laman.

**PAG-ISIPAN ITO**




Ano ang kalagayan ng iyong pamilya noong ikaw ay bata pa?

Tinanggap mo ba ang mga sumusunod?

- Pag-ibig            Oo  Hindi
- Tulong             Oo  Hindi
- Pang-unawa       Oo  Hindi
- Pagpapalakas    Oo  Hindi
- Katiwasayan      Oo  Hindi

Kung ikaw ay hindi nakatanggap ng pag-ibig at seguridad noong ikaw ay bata pa, at sa lahat ng mapait na karanasan mo sa pamilya, Ngayon ikaw ay may bagong pamilya kay Cristo. Ipanalangin na alisin ng Diyos ang mga kapaitang ito at pasalamat mo ang Diyos sa mga kabilang sa pamilya Niya.



**LUMALAGONG MATATAG**

Basahin Mateo 1-7 (isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: Colosis 3:1

*“Yamang kayo nga ay muling binuhay na kasama ni Cristo, hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, kung saan si Cristo ay nakaupo sa kanan ng Diyos.”*

9. Ayon sa Efeso 2:19 hindi na tayo mga dayuhan, kundi tayo ay mga mamamayang kasama sa bayan ng Diyos at kabilang sa \_\_\_\_\_.
10. Kung tayo ay myembro ng sambahayan ng Diyos, ang ibang mananampalataya ay ating mga \_\_\_\_\_
11. Isipin kung ano ang silbi ng pamilya. Ano ang iyong pakiramdam na ikaw ay may bagong pamilya? \_\_\_\_\_

Kung ikaw ay ipinanganak sa isang “dysfunctional family” o sirang pamilya kung saan ang pag-ibig at pagtanggap ay kulang, isipin mo ngayon na may bago kang pamilya na sa iyo ay susuporta.

**NAMATAY NA AKO SA KASALANAN**

12. Sa Galacia 2:20 sinasabi na tayo ay \_\_\_\_\_  
Ano ang ibig sabihin ng “pinako na kasama ni Cristo”? Tingnan pa ang kabuuan ng talata upang ito ay masagot \_\_\_\_\_
13. Sinabi sa Colosas 3:1 Karugtong sa pagkapako natin kasama ni Cristo. Tayo ay \_\_\_\_\_ din kasama ni Cristo. Sa gayon, paano tayo dapat mamuhay? v.1 \_\_\_\_\_
14. Ano ang ibig sabhin ng mga salitang “mga bagay na nasa itaas”? \_\_\_\_\_

**AKO AY MALAYA NA SA KAHATULAN**

15. Ayon sa Roma 8:1 Wala ng \_\_\_\_\_ sa sinumang na kay Cristo
16. Sa Roma 5:1 yamang tayo ay \_\_\_\_\_ sa pamamagitan ng pananam-palataya, mayroon tayong \_\_\_\_\_ sa Diyos. “Pinawalang-Sala” “Pinawalang-Sala” ay nangangahulugang ang Diyos ay inihayag na tayo ay matuwid sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo sa ngalan natin.

Maraming mananampalataya na hirap paniwalaan na tayo ay totoong pinatawad na ng Diyos, sa kadahilanang para sa kanila napakarami nilang kasalanan upang mapatawad. Dahil dito, sila ay patuloy na nakakaranas ng “guilt feelings” na nagiging dahilan para hindi nila makita ang tagumpay na ibinigay ni Cristo. Kaya ang mga talatang ito ay napakahalaga, ito ay nagpapalaya sa atin.

**AKO AY ESPESYAL**

- 17 Ayon sa 1 Pedro 2:9, ano na ang kalagayan natin kay Cristo?  
• \_\_\_\_\_ • \_\_\_\_\_  
• \_\_\_\_\_ • \_\_\_\_\_
18. Ano ang ibig sabihin sa iyo nito na ikaw ay may espesyal na kalagayan kay Cristo?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
19. Yamang napakalaki ng ginawa sa atin ng Diyos, paano tayo dapat mabuhay para sa kanya? 2 Corinto 5:15 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

## Step 5

# Pakikipagbakang Espiritual



- TAMA (T) o MALI (M)
- \_\_\_\_\_ Ang Diablo ay inaatake ang mga mananampalataya sa panduro niya sa kanilang mga kasalanan.
- \_\_\_\_\_ Ginagamit ni Satanas ang kasinungalingan para hawakan at takutin tayo.
- \_\_\_\_\_ Lahat ng Cristiano ay automatic na protektado laban kay Satanas.

### ANG HINDI NAKIKITANG PAKIKIPAGLABAN

1. Ang Efeso 6:12 ay nagpapakita ng pakikipaglaban. Ayon sa talatang ito, ang ating pakikibaka ay hindi \_\_\_\_\_, bagkus sa \_\_\_\_\_
2. Sino sa tinging nyo ang mga "pamunuan" at "kapamahalaan"? \_\_\_\_\_
3. Ano ang pilit na sinusubukan ni Satanas na gawin laban sa atin? 1 Pedro 5:8?  
 \_\_\_\_\_  
 Ano ang attitude na dapat mayroon ang isang mananampalataya? v. 9 \_\_\_\_\_

#### Sino ang ating kaaway?

Iniiisip ng marami na si Satanas ay ang nakikita natin sa mga comics o larawan na nakasuot kulay pula na may sungay at buntot. Maaaring si Satanas mismo ang may ideya para linlangin ang mga tao. Sapagkat ang Biblia ay sinalarawan siyang kaiba sa ating nakikita. Si Satanas, kasama ang kanyang kampon na mga demonyo, ang mga anghel na binagsak. Si Satanas ay isang dating cherubim, dalisay sa kagandahan, hanggang siya ay nag rebelde laban sa Diyos (Ezekiel 28:14-15). At sa pagkakataong iyon si Satanas ay nasimulang maging kalaban ng Dios at ng Kanyang bayan.

### ANG MGA TAKTIKA NI SATANAS

Si Satanas ay gumagamit ng iba't ibang taktika. Depende sa tao o sitwasyon na kanyang ginagamit. May mga pagkakataon na siya ay lantarang gumagawa sa pamamagitan ng mga pambihirang gawain tulad ng pangkukulam at magic.

Kadalasan naman, siya ay umaatake sa hindi kapansin-pansing paraan upang mahirapan tayong makita ang impluwensyang ginagawa niya. Kaya kung mas mamalayan natin kung paano siya umatake, mas mainam upang matanggihan natin ang kanyang panunukso.

4. Deuteronomio 18:10-12. Ano ang sinasabi tungkol sa panghuhula, at pangkukulam, pag-usal ng sumpa, etc.? \_\_\_\_\_ v. 12  
 Ang paghuhula ay ang pagsabi ng hinaharap o mga nakatagong kaalaman. Sa pamamagitan ng magic at pangitain. Ang mga manghuhula o psychics ay gumagamit ng mga horoscopes, baraha, at may mga pagkakataon na sila ay nakakapagbasa ng isip.
5. Ayon sa 2 Tesalonica 2:9, ilan sa mga kampon ni Satanas ay umaatake sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_.  
 Ginagamit ni Satanas ang kanyang kapangyarihang mag manipula, manakot at dayain ang mga tao na paniwalaan siya ay hindi nakikita, at siya ay nakakapagbigay ng kapangyarihan at pabor sa mga tao.
6. Ang Juan 8:44b ay nagsasabi sa atin na siya ay \_\_\_\_\_ at ama ng lahat ng \_\_\_\_\_."

### MALALIM NA PAG-UNAWA

Ang Diablo ay ginagamit ang kasinungalingan upang takutin at dayain ang bayan ng Diyos, sinusubukan niyang ilihis ang kanilang landas sa tamang daan ng pagsunod sa Diyos.

Ilista ang mga kasinungalingang naiisip mo na ginamit niya sa iyong buhay.

---

---

---

---

---

---


---

---

---

---

### LUMALAGONG MATATAG



Basahin Mateo 8-14 (isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: Santiago 4:7

*Ipasakop nga ninyo ang inyong mga sarili sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at siya ay lalayo sa inyo.*

## MGA BAGAY NA DAPAT PAG-ISIPAN

Kadalasan, sa kamangmangan o kuryusidad, nailalagay natin ang ating mga sarili sa kapahamakan.



Kung ikaw ay na involve o nadawit sa mga bagay na nakalista sa ibaba na alam natin ipinagbabawal na mga gawain, paki check ang box:

- Kumonsulta sa isang mangkukulam o albularyo
- Naghanap ng paraang makausap ang isang patay na.
- Kumonsulta sa horoscope
- Kumonsulta sa isang psychic/feng shui
- Nakipagkasundo kay Satanas
- Gumamit ng agimat para sa lihim na kapangyarihan.
- Nanood ng mga Satanic movies/horror films.
- Gumagamit ng white or black magic
- Nakisali sa isang Satanic rituals
- Kumonsulta sa espirito (spirit of the glass)
- Iba pang mga occult practices.

---



---



---



Kung ikaw ay may na check sa alin man sa itaas, kailangan mong manalangin, i talikuran mga

nakaraan mong pakikibahagi sa mga occult practices. Humingi ng tulong sa pastor o sa isang matatag na kapatiran para matulungan ka sa pananalangin at pag putol sa kapangyarihan ng kaaway sa buhay mo

**Ang Tagumpay ay para sa iyo!**



7. Tayo ay nakikipagbaka sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan, at ito ay nangyayari sa ating mga isipan. Kaya sinabi ni Hesus: "Malalaman ninyo ang \_\_\_\_\_ at ang katotohanan ang \_\_\_\_\_ sa inyo." Juan 8:32
8. Posible ba na malaman natin ang katotohanan? Oo  Hindi . Bakit? \_\_\_\_\_
9. Si Satanas ay nag-aanyong \_\_\_\_\_ at ang kanyang mga kampon ay nagkukunwaring \_\_\_\_\_ (2 Corinto. 11:14-15). Ang mga bulaang relihiyon at katuruan ay halimbawa ng kanyang mga taktika. Ang mga kampon ng Diablo ay nagkukunwaring mga "mabuting" tao.
10. Sa Pahayag 12:10b, sinabi na may isang paraan pa si Satanas para pabagsakin ang mga anak ng Diyos. Ano ito? \_\_\_\_\_  
Bakit sa kabila ng pag amin ng mga kasalanan, ang mga Cristaino ay nakakaramdam pa din ng guilt? Maaari bang ang dahilan nito ay mas iniisip nila ang sinasabi ng kaaway sa kanila kaysa sa sinasabi ni 1 Juan 1:9?
11. Ano ang pangako ng 1 Juan 1:9? \_\_\_\_\_  
Ang 1 Juan 1:9 ay nagsasabi ba na may mga kasalanan sa sobrang laki o bigat ay hindi kayang patawarin ng Diyos? Oo  Hindi   
Kailangan pa bang gumawa ng "penitensya" upang tayo ay mapatawad sa kasalanan? Oo  Hindi   
Ang problema sa maraming mananampalataya ay ang kanilang pagtanggap na tanggapin ang pagpapatawad na inaalok ng Diyos. Pinahihirapan nila ang kanilang sarili na parang "penitensya" sapagkat pakiramdam nila hindi sila karapat-dapat. Nakalimutan nilang ang kapatawaran ay regalo, kahit na tayo ay hindi karapat-dapat. Kapag ganito ang iniisip ng mga mananampalataya, ang kaaway ay nagwawagi sa kanyang plano sa atin.
12. Ang Efeso 2:2 ay nagsasabi na ang mga tao ay dating \_\_\_\_\_ sa mundong ito at ayon sa \_\_\_\_\_ pinuno ng kaharian ng hangin.  
Ang pinuno ng kaharian ng hangin ay walang iba kundi si Satanas na tumutukso sa atin, ginagamit niya ang mga bagay sa mundong ito para tayo ay tuksuhin. Lagi nating tandaan na ang kasalanan ay laging masaya at kaakit-akit, sa simula.

## ANG KOMPIYANSA NG MANANAMPALATAYA

13. Maaaring si Satanas ay sinusubok na tayo ay kontrolin, hindi na tayo kabilang sa kanya. Basahin ang Colosas 2:15. Ano ang ginawa ni Cristo sa mga pwersa ng mga demonyo, sa kanilang kapangyarihan at kapamahalaan? \_\_\_\_\_
14. Paanong ang 1 Juan 4:4 ay nagbibigay sa atin ng kompiyansa sa pakikipagbaka kay Satanas? \_\_\_\_\_
15. Ang ipinangako sa Santiago 4:7 na ang Diablo ay tatakbo palayo sa atin, subalit kailangan muna nating \_\_\_\_\_ sa Diyos at \_\_\_\_\_ ang Diablo.
16. Basahin ang 2 Corinto 10:3-5. May tagumpay kay Cristo para pabagsakin ang kuta ni Satanas. Ano ang kailangan natin gawin ayon sa v.5b? \_\_\_\_\_  
Pag-usapan kung ano ang ibig sabihin ng "dinadala nito ang bawat kaisipan pantungo sa pagsunod kay Cristo"?



Ang Cristiano ay may laban sa mga espirtual na pakikipagbaka. Maraming mga kagamitan para dito, isa na rito ang baluti ng Dios na binangit sa Efeso 6:11-17

## Step 6 Ang Baluti ng Diyos

Tama (T) o Mali (M)

- Ang biblia ay hindi mahalagang bahagi ng aking baluti.
- Ang pananampalataya ay ang paniniwalang gagawin ng Dios ang Kanyang mga ipinangako.
- Nililito ako ni Satanas sa tunay na katayuan ko kay

1. Ano ang layunin ng baluti na inilhad sa Efeso 6:11, 13?



**"Tumayo nga kayo na nabibigkisan ang inyong mga balakang ng katotohanan..." (v. 14) "...at ang tabak ng Espiritu na siyang salita ng Diyos." (v. 17)**

Natutunan natin sa nakaraang aralin na si Satanas ay ginagamit ang kasinungalingan upang baluktutin ang katotohanan upang tayo ay kanyang masila

2. Ano ang nagpapalaya sa isang mananampalataya? Juan 8:32 \_\_\_\_\_

3. Saan matatagpuan ang katotohanan? Juan 17:17 \_\_\_\_\_

Upang ma detect ang isang pekeng salapi, ang bank teller ay kinakailangang alam kung ano ang itsura ng totoong salapi. Mas imposibleng mapag aralan ang mga peke sapagkat ito ay lumilitaw sa iba't ibang paraan at klase. Kaya ang maging sanay sa totoong uri ng salapi ay mas matutulungan kang ma detect ang mga pekeng bagay.

4. Upang ang katotohanan ay "maibigkis sa iyong balakang" kailangang-kailangan ang isang mananampalataya ay magkaroon ng kaalaman sa katotohanan sa biblia. Paanong ang isang mananampalataya ay lumago sa kanyang kaalaman sa biblia?

### I check ang boxes na nagpapakita ng kalagayan mo:

Gaano mo kadalas pinag-aaralan ang Biblia sa iyong devotional time?

- Araw-araw  Pag may pagkakataon lang  Mas madalas ang wala

Ikaw ba ay nagkakabisa o nagbubulay ng mga talata sa biblia?

- Palagian  Minsanan  Madalang

Gaano kadalas ka nakakapakinig ng mga paghahayag ng Salita ng Dios sa iyong church?

- Lingguhan  Pag may pagkakataon  Madalang

Sa scale ng 1-10, i grade mo ang iyong sarili sa kakayahan mong ma recognize ang kasinugalingan o pandaraya ng kaaway: 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

5. Ang "tabak ng Espiritu" ay ginagamit pang atake at ganun din sa pag depensa. Paano ipinakita ng Hebreo 4:12 ang Biblia? \_\_\_\_\_

Kapag ipinapahayag natin ang mabuting balita, inaatake natin ang teritoryo ni Satanas. Itinuturo natin ang biblia hindi ang mga personal na opinyon natin, sapagkat ang Salita ng Dios ang nanunuot sa kaibuturan ng puso ng tao, kumukumbinsi at nagpapalaya sa kanila mula sa kasalanan.

6. Upang maprotektahan tayo ng katotohanan, mahalaga na hindi lang ito \_\_\_\_\_, kundi kailangan din itong \_\_\_\_\_. Santiago 1:22

### MGA BAGAY NA DAPAT PAG-ISIPAN

Ang Efeso 6:16 ay nagtuturo sa atin na gamitin natin ang kalasag ng pananampalataya upang maapula natin ang mga nag-aapoy na palaso ng masama. Ilista ang ilang mga palaso na tinitira sa iyo ni Satanas sa mga nagdaang araw:



Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagsasabing: "Kulang ang aking pananampalataya, ang aking pananampalataya ay napakahina."



Ano ang dapat nating gawin upang lumagong ating pananampalataya?



**MALAMIN NA PAGSALIKSIK**



Ayon sa Filipos 4:6-7 ang Cristiano ay payapa kung ginagawawa niya ang sinasabi sa verse 6:

"Huwag \_\_\_\_\_

Patungkol sa anumang bagay kundi sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ng panalangin at paghiling ng may pagpapasalamat,

\_\_\_\_\_."

Ang bawat isa ay kailangang magpasya kung ano ang pipiliin niya. Ang pumayapa o ang mag-alala. Ano ang pipiliin mo?

- Ang maging payapa at itiwala ang ahat ng alalahanin sa kamay ng Diyos.
- Ang mag-alala at pasanin ang bigat ng problema sa iyong sarili.

**"Ang baluting pandibdib ng katuwiran" v. 14**

7. Ayon sa Roma 3:24 tayo ay \_\_\_\_\_ ng walang bayad sa pamamagitan ng biyaya ng Dios. "Justification/pinawalang-sala" ay nangangahulugang tayo ay dineklarang matuwid ng Dios; hindi dahil karapat-dapat tayong tawaging matuwid, kundi dahil tinanggap natin si Cristo, binura na Niya ang utang ng kasalanan na nagparusa sa atin.
8. Sa Roma 5:1, isang resulta ng justification ay ang tayo ngayon ay may \_\_\_\_\_ sa Diyos. Nalalaman natin ang katotohanang ito ang dumedepensa sa atin sa kasinungalingang ang Diyos ay ginagamit pa rin ang kasalanan natin laban sa atin sapagkat hindi tayo karapat-dapat patawarin
9. Kung ang justification ay nagbigay sa atin ng kalayaan upang tanggihan ang kasalanan, ano ngayon ang katayuan natin?

Roma 6:18 \_\_\_\_\_

Ang pagsabi ng "no" o pagtanggì sa kasalanan at pagpapatuloy sa paggawa ng matuwid ang ating pinakamainam na depensa mula sa atake ng kaaway.

Ang ilagay ang baluting pandibdib ng katuwiran ay nangangahulugang alalahanin natin araw-araw na wala na tayo sa ilalim ng kaparusahan. Ito ay nagtatanggol sa atin sa mga pag-uusig ni Satanas at ito ay umaasa na piliin natin ang katuwiran kaysa sa kasamaan.



**Sa inyong mga paa ay isuot ang kahandaan ng ebanghelyo ng kapayapaan." v. 15**

Sa ating pakikipagkasundo sa Diyos. Kailangan nating laging maging handa na dalhin ang mensahe ng kapayapaan sa iba.

10. Sabi sa Roma 10:15: "Kayganda ng mga \_\_\_\_\_ nila na nagpapahayag ng \_\_\_\_\_ ng kapayapaan at ang mga paa ng mga nagdadala ng ebanghelyo ng mabubuting bagay." Alalahanin na ang sandata natin sa paghahayag ng mabuting balita ng kapayapaan ay ang tabak ng Espirito, ang Salita ng Diyos. Iturok natin ang Kanyang Salita sapagkat hindi ang sarili nating mga salita ng kagalingan ang hihipo sa puso ng tao.



**"Ang kalasag ng pananampalataya" v. 16**

Sa paggamit ng kalasag ng pananampalataya, maniwala na ang Diyos ay gagawa ayon sa Kanyang katangian at sa Kanyang mga pangako. Ang pananampalataya ay ang magtiwala sa sinasabi ng Biblia at kumilos ayon sa sinasabi nito.

11. Ano ang "mga nag-aapoy na palaso ng masasama"?Magbigay ng halimbawa:

\_\_\_\_\_


Ang paggamit sa kalasag ng pananampalataya ay pagbibigay karangalan sa Diyos imbis na makinig sa mga kasinungalingan at akusasyon ng kaaway.

**LUMALAGONG MATATAG**

Basahin Mateo 15-21 (isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: Efeso 6:11


"Isuot ninyo ang buong baluti ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga lalang ng diyablo."



**"Ang helmet ng kaligtasan" v. 17**

Ang helmet ay proteksyon sa ulo yamang ang mga prinsipyo ni Satanas ay tinatarget ang ating kaisipan. Bilang "taga-akusa" tinitira niya tayo sa ating self esteem, sinusubukan niya tayong kumbinsihin na mahina, marupok tayo at wala tayong kakayahang magtagumpay sa ating mga kahinaan kaya hindi natin kayang tanggihan ang mga tukso niya sa atin. Alalahanin nating kay Cristo tayo ay "higit pa sa mananagumpay" hindi tayo mga talunan. (Roma 8:37-39)

12. Ang pagiging ligtas ay nagdudulot ng bagong buhay na may mga pakinabang tulad ng: Karapatang tawaging anak ng Dios (Juan 1:12); Hindi na ako mawawala dahil ako ay may buhay na walang hanggan na (Juan 3:16). Ako ay may payapang relasyon na sa Dios (Roma 15:1) Ang mga kasalanan ko ay napatawad na (Colosas 1:14).



## Step 7

# Magpatawad ng Maging Malaya

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Karapatan kong hindi patawarin ang mga taong nakasakit sa akin.
- \_\_\_\_\_ Ang magpatawad ay ang kalimutan ang kasalanan.
- \_\_\_\_\_ Magkakaroon lang ako ng kalayaan sa bitterness sa pamamagitan ng pagpapatawad.

### ANG KAHALAGAHAN NA PATAWARIN ANG IBA

Hanapin ang mga sagot sa mga katanungan mula sa Efeso 4.

1. Ipinangaral ni Pablo sa mga mananampalataya ang pagpapakumbaba at magdala-han ng pasanin ng isa't isa nang may pag-ibig. Ano ang dapat na maging kalagayan ng pakikitungo ko sa iba? \_\_\_\_\_ Efeso 4:2
2. Ano ang ibig sabihin ng magbatahan sa isa't isa ng may pag-ibig? v. 2 \_\_\_\_\_
3. Ang pagtulog ng may galit ay paraan ng pagbibigay puwang kay \_\_\_\_\_ v. 26-27
4. Bakit hindi mainam ang matulog nang galit? \_\_\_\_\_

Sa ibang talata, Si Pablo ay nagpahayag ng kahalagahan ng pagpapatawad upang hindi tayo mautakan o maisahan ni Satan. (2 Cor. 2:10-11).

5. Saglit na pag-isipan. Sa paanong paraan si Satan ay magkakaroon ng puwang kung hahayaan natin ang bitterness na kontrolin tayo? \_\_\_\_\_
  - Magiging malaya pa rin ba ako, kung hindi ko papatawarin ang iba?  Oo  Hindi
  - Posible ba na ako ay maging alipin ng bitterness?  Oo  Hindi
  - Magkakaroon ba ako ng payapang relasyon sa Dios kung namumuhi naman ako sa aking kapatid?  Oo  Hindi
  - Sino ang mas magdudusa o mahihirapan kapag hindi ako nagpatawad?  Ak  Ang nagkasala sa akin
6. Basahin ang bahagi sa kanan. Paano nito nabago ang pananaw mo sa kapatawaran? \_\_\_\_\_

### INALIPIN NG KAPAITAN

Maraming mga Cristiano ang tumatangi sa utos ng biblia na magpatawad, at mas ninanais na panghawakan ang sama ng loob laban sa mga taong nakasakit ng kanilang damdamin. Mas pinipili nila ang makaganti kaysa magpatawad. Pinangangatwiran nila ang kanilang sama ng loob sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Hindi ko mapapatawad ang kanilang ginawa sa akin. Paano ko sila mapapatawad ng ganon ganon lang nang hindi ko sila nakikitang nag suffer sa ginawa nila?" Ang katotohanan, ang hindi nila pagpapatawad ay mas nagpapahihirap sa kanila. Kapag tumanggi silang magpatawad, sila ay nagiging bihag ng bitterness, nagiging alipin ng kapootan at ng laging paghahanap ng pagkakataong makaganti. Imposible na sila ay mamuhay ng payapa at ang kanilang sama ng loob ay makakaapekto sa relasyon nila sa iba. . Hindi mahalaga kung hindi karapat-dapat na patawarin ang iba. Ang tanging paraan lang para maging malaya ay ang sundin ang utos ng Diyos na magpatawad gaya ng pagpapatawad Niya.

Naranasan mo na bang maalipin ka ng kapaitan? Ipaliwanag. \_\_\_\_\_

### Pagpapatawad Ano ito at ano ang hindi ito.

Ano ito at ano ang hindi ito. Ano ang ibig sabihin ng patawarin ang iba? Pagkatapos na mabasa ang mga katotohanang ito, isulat sa ibang papel ang maling mga pananaw mo sa pagpapatawad na pinanghawakan mo sa nakaraan.

✓ Hindi ibig sabihin nito na kalimutan ang kasalanan. Sa-pagkat mahabang panahon ang kakailanganin para mabura ito sa memorya.

✓ Hindi ibig sabihin nito na hayaan mo ang nagkasala sa iyo na abusuhin ka na lang palagi o kontrolin ka na lang nila lagi. Kailangan i confront natin sila sa pag-ibig. Dapat magkaroon ng boundary na kahit sabihing napatawad na natin sila hindi natin hahayaang magpatuloy sila sa pang-aabuso sa atin.

✓ Ang ibig sabihin nito ay ang pagpapasyang tigilan na natin ang pagkimkim ng sama ng loob sa kanila. Na ititigil na natin ang paulit-ulit na pag-iisip/pagsasabi ng kasalanang nagawa nila sa atin. Ang pagpapatawad ay ang pagtanggap na maghanap ng paghihiganti, hayaang ang Diyos ang Siyang kumastigo sa kanila.

✓ Ang ibig sabihin nito ay ang mamuhay sa consequence ng kasalanan ng iba. Sa ayaw at sa gusto natin. Kailangang aminin natin na nasaktan tayo ng sobra, at ang tanging solusyon ay harapin ang katotohanan na nasugatan tayo At kailangan natin ng pagpapagalang.


✓ Tanungin natin ang ating sarili gusto ba nating maging bitter? Kung hind, piliin natin ang magpatawad.



## LUMALAGONG MATATAG

Basahin Mateo 22-28 (isang chapter bawat araw).

Kabisaduhin: Colosas 3:13



*"Magbatahan kayo sa isa't isa at magpatawaran kayo sa isa't isa kapag ang sinuman ay may hinaing sa kaninuman. Kung paanong pinatawad kayo ni Cristo ay gayundin kayo magpatawad."*

7. Pinangaralan tayo sa v. 31 na alisin ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit, poot, sigawan, panlalait at lahat ng uri ng masamang hangarin. Ano ang ipapalit natin sa galit? v. 32 \_\_\_\_\_

### PAANO MAGPATAWAD SA IBA?

8. Sino ang halimbawa ng pagpapatawad? v. 32 \_\_\_\_\_
9. Ano ang uri ng pagpapatawad ng Diyos? Anong uri ng mga tao ang pinapatawad niya? Roma 5:8 \_\_\_\_\_

### Basahin ang Roma 12:18-21 at sagutan ang mga sumusunod na katanungan:

10. Posible ba na tayo ay laging magkakasundo sa isa't isa? v. 18  Oo  Hindi  
Bakit? \_\_\_\_\_
- Hindi ko mapipilit ang iba na makipagkasundo sa akin, subalit pwede kong piliing na makipagkasundo sa kanila. . Magagawa ko ang bahagi ko na magpatawad at humingi ng tawad kung nagkasala ako sa kanila. Kung gagawin ko yun malaya ako, ano man ang maging desisyon nila

11. Ayon sa v. 19 bakit hindi tayo dapat naghahanap ng paghihiganti? \_\_\_\_\_  
Sila ba na nananakit ng iba ay makakaligtas sa kaparusahan?  Oo  Hindi  
Sila ba ay mananagot sa Diyos?  Oo  Hindi
12. Paano ko dapat pakitunguhan ang kasamaan? v. 21 \_\_\_\_\_
13. Paano ko mapagtatagumpayan ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan? v. 20 \_\_\_\_\_



Ang katagang "bubuntunan mo ang nagbabagang uling sa kaniyang ulo" ay nagpapakita ng katotohanan na ang ating mga kaaway ay mapapahiya kapag trinato natin sila ng mabuti imbis na masama. Hindi ito ang inaasahan nila at ito ay ikakagulat nila. Kaya hindi nila alam paano sila mag rereact.

14. May hangganan ba ang pagpapatawad? Ayon sa Mateo 18:21-22, ilang beses natin dapat patawarin ang ating kapatid?  
Ano ang ibig sabihin nito? May mga pagkakataon ba na imposible o hindi kailangan ang magpatawad? \_\_\_\_\_

## MGA HAKBANG TUNGO SA PAGPATAWAD




1. Ano ang nararamdaman mo sa mga taong nakasakit sa iyo? Aminin mo ang iyong galit o sama ng loob. Kung itatanggi mong kilalanin ito magiging mahirap para ayusin ito sa pamamagitan ng pagpapatawad.
2. Alalahaning si Cristo ay namatay din para sa kanila, kung paanong Siya ay namatay para sa iyo. Maaaring hindi sila karapat-dapat patawarin subalit ikaw ay ganun din kaya namatay si Cristo dahil sa ating mga kasalanan.
3. Piliing patawarin sila kahit hindi mo gusto. Kahit na ang puso mo ay nagsasabing wag silang patawarin, magpasyang gawin pa rin ito. Ang pagpapasya ay nasa iyo kung nais mong maging malaya sa nakaraan.
4. Manalangin sa Diyos: "Panginoon, pinatatawad ko na si \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_.
5. Huwag magpasyang gantihan sila sa hinaharap. Huwag silang akusahan o konsyensyahin!
6. Alalahanin na ang pagpapatawad ay hindi paglimot. Hindi natin basta-basta maiaalis ito sa ating ala-ala, subalit pwede natin piliing pagbulayan ang mga Salita ng Diyos kaysa ispin ng ispin ang kanilang mga ginawa. Paalalahanan ang sarili na napatawad mo na sila sa kanilang mga kasalanan sa mga pagkakataon na maalala mo ang kanilang mga ginawa.
7. Huwag asahan na ang iyong pagpapatawad ay gagawa ng malaking pagbabago sa kanya. Anuman ang kanilang maging tugon, ginawa mo ang nararapat gawin at ikaw ay malayang mag move forward sa pangyayari

**Sa ngayon! Ano ang aking desisyon? Ako ay magpapatawad!**  Oo  Hindi pa, maghihintay pa ko ng pagkakataon

## Step 8

# Patawarin Mo Ako



Tama (T) o Mali (M)

- \_\_\_\_\_ Pwede mong mahalín ang Dios kahit galit ka sa kaaway mo.
- \_\_\_\_\_ Mahalaga na humingi ng tawad dahil sa maling nagawa mo, kahit na ayaw ka niyang patawarin.
- \_\_\_\_\_ Mainam na naisin ang pakikipagkasundo at pakikipag-usap ng harapan sa kanya.

Kapag may nangyaring sigalot sa iyong pamilya at nasaktan mo ang isa, ano ang karaniwang ginagawa mo?

- Malulungkot ako pero hayaan ko na lang.
- Hindi muna kami nag-uusap ng mga ilang panahon, at kapag naman nag usap na kami ulit, parang ok na sa amin.
- Pinupuntahan ko sila, at inaamin ko ang aking pagkakamali, at hinihingi ang kanilang kapatawaran sa nagawa kong mali

### BAKIT KAILANGAN NATING HUMINGI NG TAWAD?

1. Kapag mahal mo ang isang tao, iniinsulto mo ba sila at sinasaktan? \_\_\_\_\_  
Paano mo sila pinakikitunguhan? \_\_\_\_\_

2. Basahin ang 1 Juan 4:20. Posible ba na mahalín mo ang Dios at kainisan ang iba nang magkasabay?  Oo  Hindi

Basahin ang Mateo 5:23-26 at sagutin ang mga sumusunod na katanungan

3. Kung ikaw ay nakasakit ng iba at hindi ka nakipagkasundo. Posible ba na magkaroon ka ng maayos na relasyon din sa Dios?  Oo  Hindi

4. Ang iyo bang mga handog,, pagsamba, o paglilingkod sa Dios ay balido kung ikaw ay hindi nakikipag-ayos sa ibang tao? v. 23-24  Oo  Hindi

Bakit? \_\_\_\_\_

5. Ayon sa v. 25, bakit dapat madaliin ang makipagkasundo sa iyong nakaaway?

\_\_\_\_\_

6. May mga pagkakataon na ang mga pagtatalo ay hindi humahantong sa legal na aksyon, sa tingin mo dapat ba na ayusin na ang pagtatalo sa lalong madaling panahon?

Oo  Hindi Bakit? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Ayon sa v. 22, kapag tayo ay nag udyok na magalit ang iba, inilalagay natin sila sa panganib na mahatulan. Naaapektuhan din ang ating mga kaaway maging ang ating sarili kapag hindi tayo humingi ng tawad.

“Ang iyong kapatid ay may laban sa iyo” sa v. 23 ay nangangahulugang may nagawa ka sa kanyang nakasakit sa kanya. Ang susi sa pakikipagkasundo sa kanila ay ang puntahan sila at aminin ang maling nagawa mo at humingi ng tawad.

### ANO ANG PALAGAY MO?

Paano mo sasagutin ang mga nagsasabi ng mga ganito:

- Handa akong humihingi ng tawad sa kanya basta aaminin niya ding may nagawa din siyang mali.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

- Mas mainam pang hindi na ko umamin na nagkamali ako dahil baka gamitin lang nila iyon laban sa akin

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

- Pagtatawanan niya lang ako pag humingi ako ng tawad.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

- Humingi ako ng tawad sa kanya, pero hindi niya ako pinatawad. Kaya ano ang mabuting nagawa niyon? Balik lang kami sa dati.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



## PAG-ISIPAN ITO

Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng “pakikipagkasundo” sa iba?

---

---

---

---

Kailangan mo bang makipagkasundo sa iba? Kanino?

- Asawa
- Anak
- Magulang
- Kapatid
- Kapitbahay
- Iba pa



---

---

---

Ano ang gagawin mo ngayon para maayos mo ang mga sigalot at lapitan ang taong nagawan ng mali?

---

---

---


---

## LUMALAGONG MATATAG

**Basahin**  
**1 Corinto 1-7**  
(isang chapter bawat araw).

**Kabisaduhin:**  
**Mateo 5:23-24**

*“Kaya kung nasa altar ka at nag-aalay ng iyong handog sa Dios, at maalala mong may hinanakit sa iyo ang iyong kapatid, iwanan mo muna ang handog mo sa harap ng altar. Makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid at saka ka bumalik at maghandog sa Dios.”*



7. Sa palagay mo, bakit mahirap ang puntahan ang iba para humingi ng tawad?

## PAANO HUMINGI NG TAWAD SA IBA?

8. May mga pagkakataon na ang mga salita ay hindi sapat. May mga pagkakataon na kailangang magkaroon ng bayad pinsala o restitution na pwede ring tawag-ing peace offering. Upang maiayos ang sira na nagawa sa iba. Nang si Zacheo na maniningil ng buwis, isang corrupt na opisyal at nagnakaw ng malaki, ano ang ipinangako niyang gagawin pagkatapos na siya ay nakakilala kay Hesus? Lukas 19:8

Sa panahon ng Lumang Tipan, kailangang magbayad ng danyos perwisyo ng may tubong 20% (Bilang 5:7). Maaaring hindi tayo nabubuhay sa ilalim ng kautusan, subalit ang prinsipyo ng “restitution” ay mahalaga pa rin ngayon.



**Ang paghingi ng tawad ay isang proseso. Na may mga hakbang na kailangang gawin.**

### Paghahanda sa Pakikipagkasundo

- Aminin ang iyong kasalanan. Maging tapat. Kilalanin kung ano ang iyong nagawa sa iba.
- Kapag kinilala mo na ang iyong kasalanan, humingi ng tawad sa Dios.
- Kung ang iba ay guilty sa pananakit sa iyo, napatawad mo na ba sila?
- Humanap ng tamang pagkakataon at lugar upang kausapin ang taong nagawan ng kasalanan.

### Kapag kausap mo na ang iyong nasaktan:

- Kausapin sila ng personal, harapan at kayo lang. maliban na lang kung ang kaso ay imoralidad o pang-aabuso. Sa kasong ito mainam na magkaroon ng tagapamagitan o pastor sa pakikipag-usap.
- Isipin ang mga salitang gagamitin sa paghingi ng tawad. Aminin ang iyong pagkakamali, Gamtin ang mga salitang “nagkamali ako”, “mali ang ginawa ko”. Huwag subukang ipagsawalang bahala ito.
- Magpakumbaba, hawg gumawa ng mga dahilan kung bakit mo nagawa ang bagay na iyon, o sisihin ang iba para lang ipagtaggol ang sarili mo. Aminin na ikaw ay responsable sa iyong ginawa kahit na ang iba ay may ginawa rin.
- Hindi mahalaga na maging detalyado, subalit dapat maging malinaw sa iyo ang pagkakamali na iyong pinagsisisihan.
- Tapusin ang iyong paghingi ng tawad nang may tuwirang tanong na: pwede mo ba akong patawarin?
- Huwag daanin sa sulat, maliban na lang kung walang ibang paraang makausap ang nasaktan. Ang sulat ay maaaring magkamali ng pagkaunawa o mabasa ng iba na wala namang kinalaman sa sitwasyon.
- Kung kinakailangan, gumawa ng restitution sa anumang damage na nagawa.

### Paano kung hindi nila ako patawarin...?

- Lumapit sa Dios at ibigay ito sa Kanyang kamay. Ginawa mo na ang iyong bahagi, at ikaw ay pwede ng maging malaya kahit na ang ibang tao ay nananatiling galit. May mga pagkakataon na kailangan ng panahon ng iba para magpatawad. Pagbulayan ang Roma 12:18.

9. Ano ang iyong desisyon? Handa ka bang puntahan at humingi ng tawad sa nagawan mo ng kasalanan?  Oo  Hindi

Magsimula na ngayon pagdaanan ang proseso na binanggit sa itaas.

# Step 9

## Tinawag na Maging Banal



### TINAWAG MAGING BANAL

Laging tinatawag ni apostol Pablo ang mga mananampalataya na mga "banal". (Efeso 1:1; Filipos 1:1). Bakit? Tinawag sila na ipahayag kung sino sila kay Cristo. Sapagkat dahil sa dugo ni Cristo tayo ay inaring ganap at matuwid.

- Ayon sa 1 Corinto 1:2, Nilinis na tayo ni Cristo. Ang ibig sabihin nito; tayo ay ibinukod Niya na sa kabanalan. Subalit kahit na tayo ay nalinis na, ano ang kailangan nating gawin ayon sa v.2? \_\_\_\_\_  
Ang ibig sabihin nito ay nais ng Dios na humiwalay tayo sa kasalanan at ipamuhay natin ang ating buhay ng nakatalaga sa Kanya.
- Ano ang kabanalan? Maaari natin itong ipaliwanag sa ganitong paraan:
  - Iwanan ang kasalanan at ibigay ang sarili sa Dios.
  - Ito ay isa sa mga katangian ng Dios; kung sino Siya. (1 Pedro 1:15-16).
  - Ito ay isang bagay na matatamo natin sa Kanya. (2 Corinto 7:1; 1 Tesalonica. 4:3).
- Basahin ang 1 Pedro 1:15-16 at sagutin, sino ang banal? \_\_\_\_\_  
Pwede ba akong maging banal?  Oo  Hindi

May mga nag-iisip na tayong mga tao ay hindi kailanman magiging tunay na banal; subalit sa tingin ba natin, uutusan tayo ng Dios ng isang bagay na hindi natin magagawa? Hindi ibig sabihin nito na tayo ay magiging perpekto, subalit kailangan tayong magsumikap na ito ay abutin, maging layunin nating mamuhay ng hiwalay sa kasalanan.

- Bakit maraming mananampalataya ang hindi namumuhay sa kabanalan? Sabi ng biblia, upang maging banal kailangang umiwas tayo sa maraming mga bagay, halimbawa, ayon sa 1 Tesalonica 4:3,7 dapat na iwasan ang: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ (v. 3) at \_\_\_\_\_ (v. 7)  
Isulat pa ang mga ibang bagay na ninanais ng Banal na Espirito na iwasan natin: \_\_\_\_\_
- Dahil dito, Gaano kahalaga ang kabanalan sa cristianong pamumuhay? Ito ba ay option lang o tunay na kailangan? \_\_\_\_\_

### PAANO TAYO MAKAKAPAMUHAY NG MAY KABANALAN?

- Upang paigtingin ang kabalanan, kailangan nating \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ (2 Corinto 7:1) Magbigay ng mga bagay na maaari mong gawin ayon sa sinasabi ng talata. \_\_\_\_\_
- Ano ang ginawa ng Dios para tulungan tayong mamuhay ng malinis na buhay? 1 Juan 1:9 \_\_\_\_\_

#### TAMA o MALI

- \_\_\_\_\_ Makakapamuhay ako ng banal kahit na nagkakasala pa rin.
- \_\_\_\_\_ Tinawag ako ng Dios para maging banal sapagkat Siya ay banal.
- \_\_\_\_\_ Upang maging banal, kailangan akong gumawa ng mga "banal na gawain".

#### PAG-ISIPAN ITO

*"Pagbutihin ninyo ang pagtakbo upang makamit ang gantimpala."*  
1 Cor. 9:24



Ang iyo bang kasalukuyang pamumuhay ay makakatulong sa iyo na makamit ang gantimpala?

- Oo  Hindi  
 Hindi ako sigurado

Kung hindi ka sigurado, ang nasa ibaba ay makakatulong sa iyo para makita kung ano ang iyong kalagayan

#### SURIIN

Maraming mga bagay ang nakakahadlang sa iyong paglago. I check ang mga sumusunod na alam mong ginagawa mo upang mapanatili kang tapat at totoo sa iyong maka-Dios na pamumuhay.

- Kaibigan
- Pamilya
- Trabaho/Pag-aaral
- Music
- TV, videos, internet, etc.
- Pag-aari
- Kakulangan sa araw-araw na pakikitagpo sa Dios.
- Araw-araw na kaabalahan
- Walang pakikisama sa ibang mananampalataya (church, small groups, etc.)
- Mga nakagawian

- \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_
- Ibang pang mga hadlang
- \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_

Handa ka bang gumawa ng mga pagbabago, pagsisisi at at layuan ang mga kasalanan sa iyong likuran

## PAGSASALIKSIK

1. Ang kabanalan ay nagsisimula sa mga bagay na ating iniisip at ito ay umepekto sa ating mga ginagawa bunga ng mga iniisip natin. Filipos 4:8
2. Kasama sa kabanalan ang kontrolin ang ating katawan sa mga hilig nito maging ang ating mga damdamin. 1 Corinto 9:27.

## ANG KATAYUAN KO SA DIOS

*Ang Dios ay nagbibigay lahat ng kailangan natin upang tayo ay makapamuhay ng may kabanalan.*

1. Iniligtas Niya ako.
2. Pinalaya Niya ako sa pagkabiha ng kasalanan.
3. Ako ay malaya na sa kahatulan.
4. Ang Banal na Espirito ay nananahan sa akin upang magkaroon ako ng Kanyang bunga.
5. Ibinigay Niya sa aking ang Biblia upang turuan ako kung paano mamuhay.
6. Binibigyan Niya ako ng pagkakataong laging isuko ang aking buhay araw-araw sa Kanya.

## LUMALAGONG MATATAG

Basahin  
1 Corinto 8-14  
(isang chapter bawat araw).

Kabisaduhin:  
1 Pedro 1:14-15

*"Tulad ng mga masunuring anak, huwag na kayong makiayon pa sa dating masidhing pita noong kayo ay wala pang-unawa. At sapagkat ang tumawag sa inyo ay banal, magpakabalanal din kayong tulad niya sa lahat ng inyong pag-uugali."*



8. Basahin ang Kawikaan 4:23, Sabihin kung ano ang dapat nating bantayan?  
\_\_\_\_\_

9. Ano ang mga praktikal na suggestions ang binibigay ng biblia upang maingat natin ang ating mga puso.

Awit 119:11 \_\_\_\_\_

Colosas 3:2 \_\_\_\_\_

10. Ano ang ibig sabihin ng Roma 6:19 patungkol sa pamumuhay ng matuwid na buhay?  
\_\_\_\_\_

Kung ibibigay natin ang ating mga sarili sa maruming mga bagay, hindi natin dapat hinahandog din ang ating buhay sa Dios. Kailangang magpasya tayo na ihandog ang ating katawan sa Dios at gumawa ng mabuti, maging alipin sa katuwiran imbis na sa kasalanan.

## ANG PANG ARAW-ARAW NA PAGTATALAGA

11. Basahin ang Roma 12:1-2. Ano ang hinihingi ng Dios sa akin sa v. 1? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

12. Ano ang buhay na handog? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Ang panalangin sa ibaba ay nagsisilbing modelo kung ano ang ibig sabihin ng "buhay na handog".


*"Lord, I surrender myself to you.  
Take my mind and what I think.  
Take my eyes and what I see.  
Take my ears and what I hear.  
Take my lips and what I speak.  
Take my heart and what I feel as well  
as my attitudes.  
Take my hands and what I do.  
Take my feet, and where I go.  
Take my body, it is your temple.  
Fill me with your Holy Spirit.  
I want to obey you.  
I want to do your will."*



13. Magbigay ng halimbawa ng mga hindi tamang kaisipan at pag-uugali ngunit sa mundo ay pangkaraniwan na ngayon. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

14. Upang maiwasang mahubog sa takbo ng mundong ito, kailangan nating magbago ng \_\_\_\_\_ (v. 2), sa paraang ito, malalaman natin kung ano ang nais ng Dios na gawin natin. Sa paanong paraan natin mababago ang ating mga kaisipan? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

15. Ang mga talatang ito ay nananawagan para sa pang araw-araw na pagtatalaga upang makilala at mabigyan natin ng kaluguran ang Dios at tanggapin ang Kanyang pagpapala. Handa ka na bang gawin ang pagtatalaga ngayon at ang mga darating na araw sa buhay mo? Oo  Hindi . Pirmahan ang iyong pagtatalaga:  
\_\_\_\_\_ Pesta \_\_\_\_\_



## Step 10

# Ang Cristiano at ang Salapi

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ May mga mahahalagang bagay pa higit sa magandang sweldo at komportableng buhay,
- \_\_\_\_\_ Sila lang na may kakayahan ang dapat nagbibigay sa Church.
- \_\_\_\_\_ Lahat ng mayroon tayo ay nagmula sa Dios.

### ANG SALOOBIN KO SA MGA MATERYAL NA BAGAY

1. Ayon sa Lukas 12:15, bakit kailangan kong magbantay laban sa kasakiman?  
 \_\_\_\_\_  
 Kung ang buhay ay hindi binubuo ng pagkakaroon ng madaming bagay, sa ganon, ano ang pinakamahalaga? Lucas 12:31 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_
2. Basahin ang 1 Timoteo 6:17-19. Bakit hindi tayo dapat magtiwala sa kayamanan para sa kasiyahan at kaseguruhan? v. 17 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_
3. Saan ko pwedeng makuha ang kailangan ko para magkaroon ako ng tunay na kasiyahan sa buhay? v. 17 \_\_\_\_\_  
 Gaano ako kadalas nagpapahayag ng pagpapasalamat sa Dios? \_\_\_\_\_
4. Saan dapat maghanap ng kayamanan ang mananampalataya? v. 18-19 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 Gaano ito nagtatagal? \_\_\_\_\_
5. Ang Biblia ay nagsabing ako ay isang Tagapamahala, o tagapangasiwa, ng lahat ng mabuting bagay ng Dios. 1 Cor. 4:2  
 \_\_\_\_\_
6. Ano ang ilang mga bagay na nais ng Dios na pangasiwaan ko? \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

### PANGAGASIWA NG AKING PERA

Ang pera ay isa sa mga bagay na ibinigay ng Dios para pangasiwaan ko. Ang Biblia ay nagtuturo sa akin na mahalagang ibalik ko ang bahagi ng Dios sa mga bagay na ibinigay Niya sa akin. Ang tawag dito ay ikapu at pagbibigay.



7. Kailan ako dapat magbigay sa Panginoon? 1 Corinto 16:2  
 \_\_\_\_\_

Ang ibig sabihin nito, kailangan nating suportahan ang gawain ng Dios sa regular na paraan, hindi kung kailan maisipan lang.

### MGA BAGAY NA DAPAT PAG-ISIPAN

Basahin ang kwento tungkol kay Elias sa 1 Hari 17:8-16. Ano ang natutunan mo sa kwento?

---



---



---



---

Sa tingin mo, may halaga bang ang magsakripisyo upang masuportahan ang gawain ng Dios? Bakit?

---



---



---



---

Ano ang babala na ibinigay ni Hesus sa mga taong nagtiwala sa kanilang kayamanan para sa kaseguruhan at kasiyahan?

Lukas 12:16-21

---



---



---



---



## PAG-ARALAN AT PAGPASYAHAN

Magkano ang aking kinikita  
lingguhan o buwanan?

---

Magkano ang 10% (ikapu)?

---

Ang Iglesia ay dapat una sa listahan na tatanggap ng aking suporta, Sapagkat doon ako tumatanggap ng pagtuturo at malasakit. Sa karagdagan, may mga iba pang gawain na pwede kong suportahan katulad ng missions.

Sa tulong ng Panginoon, Nilalayan ko na sumuporta sa gawain ng Dios sa halagang:

\_\_\_\_\_ bawat buwan.

\_\_\_\_\_ bawat Linggo

## LUMALAGONG MATATAG

Basahin

1 Corinto 8-14

(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: 2 Corinto 9:6

*"Tandaan ninyo ito: Ang naghahasik ng kaunti ay umaani ng kaunti, at ang naghahasik ng marami ay umaani ng marami."*



8. Tama ba na magbigay ka lang sa Panginoon kapag may sumobra kang pera?

Oo  Hindi  Bakit? \_\_\_\_\_

9. Ano ang dapat nating isaalang-alang kapag tayo ay nag-iisp kung magkano ang ibibigay? 1 Cor. 16:2 \_\_\_\_\_

Ang ating pagbibigay ay dapat nasa tamang sukat ng ating kinikita. Mateo 25:29 Ang mga tumanggap ng marami ay magbibigay ng marami, Ang mga tumanggap ng kakaunti ay magbibigay ng kaunti

10. Sa panahon ng Lumang Tipan ang ikapu ay requirement. (Leviticus 27:30-32).

Ano ang ikapu? \_\_\_\_\_  
Ang ikapu ay ang ikasampung bahagi ng anumang bagay, sa madaling salita ito ay 10%.

11. Kung sa Lumang Tipan nagbibigay sila ng 10% ng kanilang kinikita sa Dios, ngay-ong tayo ay na kay Cristo, hindi ba dapat magbigay tayo ng hindi bababa sa 10%?  
Oo  Hindi

## ANO ANG DAPAT NA SALOOBIN KO SA PAGBIBIGAY?

12. Ayon sa 2 Corinto 9:6, ang ating handog ay pamumuhunan (investment) sa gawain ng Dios. Kaya, dapat magbigay tayo \_\_\_\_\_

Bagaman ang mga mananampalataya sa Macedonia ay nagbigay ng saganang kaloob kay Pablo, sila ay nagsakripisyo (2 Cor. 8:1-3). Ang responsibilidad at pribilehiyo na suportahan ang gawain ng Dios ay hindi lang sa mayayaman.

13. Ayon sa 2 Cor. 9:7, dapat tayong magbigay ayon sa \_\_\_\_\_  
Ng ating puso. Ibig sabihin nito na mahalaga na pinagpaplanuhan kung magkano ang ibibigay mo sa gawain ng Dios at hindi lang kung ano ang bugso ng damdamin mo.

14. Ayon sa 2 Cor. 9:7 "Magbigay ang bawat isa ayon sa \_\_\_\_\_  
ng kaniyang puso, hindi sa \_\_\_\_\_ o sa \_\_\_\_\_  
sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay ng masaya".

15. Ano ang dapat na bantayan natin? Matthew 6:1-2 \_\_\_\_\_

Paano tayo dapat na magbigay? Mateo 6:3-4 \_\_\_\_\_


## ANG PAGPAPALA NG PAGBIBIGAY

16. Ano ang sinasabing mga sumusunod na talata na nagsasabi sa atin patungkol sa pagpapala ng pagbibigay sa Dios ng may sakripisyal na kabutihang loob?

2 Corinto 9:6 \_\_\_\_\_

Gawa 20:35 \_\_\_\_\_

Bakit mas pinagpala ang magbigay kaysa tumatanggap? \_\_\_\_\_



## Step 11

# Magagawa Ko, Subalit Dapat ba?



Ang mga mananampalataya ay magkakaiba sa mga bagay patungkol sa ating lipunan. Halimbawa, maraming mga pananaw tungkol sa kung ano ang nararapat sa mga Cristiano sa pananamit, musika at entertainment.

Ang mga gawing ito na tahimik ang biblia ang siyang nagiging dahilan ng maraming pagtatalo ng mga Cristiano. Sapagkat ang ilan ay nagsasabing ang mga ito naman ay maaaring gawin pero ang iba naman ay nagsasabing hindi pwede. Kung may mga bagay man na pinagtatalunan tungkol sa mga pamamamaraan subalit tahimik ang biblia, hindi natin kailangang mag talo-talo at mag-away kapag hindi tayo nagkaka-sundo sa ibang bagay.

Noong kapanahunan ni Pablo, kailangan niyang harapin ang mga pagtatalo kung ang isang Cristiano ay pwedeng kumain ng pagkaing hinain sa dios-diosan. Ang mga sumusunod na prinsipyo sa kanyang mga sulat ay makakatulong sa atin upang gumawa ng mas mainam na desisyon sa mga "kaduda-dudang" mga bagay.

### ITO BA AY NAKAKATULONG? ITO BA AY NAGPAPATATAG?

1. Sa 1 Corinto 10:23 Nagbigay si Pablo ng napakahalagang prinsipyo na magagamit natin sa lahat ng aspeto ng buhay natin. Ano ang ibig niyang sabihin ng "Maaaring gawin ang lahat ng bagay," ngunit hindi lahat ng bagay ay kapaki-pakinabang."

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

2. Magbigay ng halimbawa na hindi mabuti sa iyo, kahit na sa biblia ay hindi ito pinagbabawal. \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

3. Bakit kailangan natin iwasan ang ibang bagay? Tingnan ang huling bahagi ng 1 Corinto 10:23 at kumpletuhin ang sumusunod: Bagaman may kalayaan akong gawin ang maraming bagay, subalit hindi lahat sa kanila ay \_\_\_\_\_

Napakainam kung ating iiwasan ang mga bagay na hindi makakapag patibay sa atin, kahit na hindi ito malinaw na pinagbawal sa biblia. Ang pinakamabuting paraan para matimbang natin kung ang isang bagay ay dapat na gawin, itanong natin ang mga sumusunod na katanungan:

- Makakatulong ba ito sa paglago ko bilang Cristiano?
- Makakahadlang ba ito sa paglago ko sa anumang paraan?

4. Basahin ang 1 Corinto 6:12. Ano ang ibig sabihin ng huling bahagi ng talata?

\_\_\_\_\_

Maraming mga Cristiano na ang buhay ay kontrolado ng kung ano ang "uso" o "trend", mga nakikita nila sa TV atbp. Subalit madalang na maisip o aminin na sila ay naiimpluwensyahan na ng mga bagay dito sa mundo.

5. Kung may mga bagay na kumokontrol sa buhay mo, ito ba ay nakakapagpatatag sa iyo? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Hindi nagbabawal ang biblia sa ibang bagay, kahit na ang ilan sa kanila ay hindi naman mabuti para sa akin.
- \_\_\_\_\_ Ang aking mga kilos ay maaaring nakakatisod sa iba.
- \_\_\_\_\_ Ang kalayaan ko kay Cristo ay nagbibigay permiso na gawin ko anuman ang naisin ko.

### PAG-ISIPAN ITO

Mag-ukol ng panahon na isipin mo ang iyong buhay. Ang mga kinikilos mo ba ay nakakapagpatatag sa mga kapwa mananampalataya?

Ilista ang ilan sa mga bagay na maaaring matisod ang iba. Hilinigin sa Dios na bigyan ka Niya ng lakas na mapagtagumpayan mo ang iyong mga kahinaan para sa kapakanan ng iba.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Ngayon, isipin mo naman ang mga bagay na nakakapagpatibay sa iba. Ilista mo ito sa ibaba:

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



### PARA SA PATULOY NA PAG-AARAL

Basahin Colosas 3:23-24 at ilarawan ang mga prinsipyo na makikita mo sa mga talata...

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

## GAWIN MO ITO



Basahin at pagbulayan ang 1 Corinto 10:23-33, isulat ang mga bagay na pwede mong i apply sa iyong buhay:

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

May mga bagay ba na nagiging hadlang na sa paglago mo o nagiging malaking bahagi na ng buhay mo? \_\_\_\_\_. Kung oo, ano ang mga bagay na iyon? \_\_\_\_\_

## PAANO ITO NAKAKA APEKTO SA IBA? ANG PATAKARAN NG PAG-IBIG.

6. Ano ang babala na makikita natin sa 1 Corinto 8:9? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
7. Sa 1 Corinto 8:13 ibinigay ni Pablo ang kanyang pananaw patungkol sa pagiging katitisan ng iba. Ano ang ipinapakita ng desisyon niya sa atin? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
8. Ano ang dalawang bagay na dapat iwasan ng mga Cristiano ayon sa Roma 14:13? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
9. Ano ang mga bagay sa buhay mo na maaaring hadlang sa buhay ng ibang mga Cristiano? \_\_\_\_\_
10. Ano ang dapat nating pagsikapan ayon sa Roma 14:19? \_\_\_\_\_  
at \_\_\_\_\_

**“Huwag maghangad ang sinuman para sa kanyang sariling kapakanan kundi para sa kapakanan ng iba.” 1 Cor. 10:24**

Ang pagmamalasakit sa iba ang kailangang panuntunan na nag kokontrol sa ating mga buhay. Sa panahong ito, maraming mga kaugalian o mga gawain na katanggap-tanggap sa iba subalit hindi para sa iba. Maaaring ito ay mga kasuotan, paraan ng pagsasalita natin, pagkain, entertainment at mga bagay na ginagawa din sa iglesya. Kaya nga, ang pag-ibig sa iba nawa ang ating hangganan sa ating kalayaan. Sa kapakanan ng iba, lilimitahan ko ang aking sarili kahit na ako ay may kalayaan gumawa ng gusto ko.

## ITO BA AY NAGBIBIGAY LUWALHATI SA DIOS?

11. Ano ang dapat na layunin ko sa lahat ng ginagawa ko?? 1 Corinto 10:31 \_\_\_\_\_

*Tanungin mo ang iyong sarili: Kapag ginawa ko ba ito mabibigyan ng kalwalhatian ang Dios?*

**PAGBUBUOD** Sa mga nakakalitong pagkakataon, kailangang isaalang-alang ko:

- Na kahit hindi bawal, ito ba ay nakakapagpatatag, ito ay kapaki-pakinabang?
- Paano ito nakaka apekto sa iba? ito ba ay nakakapag-patibay o nakakatisod?
- Ito ba ay nakakapagbigay luwalhati sa Dios?



## LUMALAGONG MATATAG

Basahin  
2 Corinto 1-7  
(isang chapter  
bawat araw)



Kabisaduhin 1 Corinto  
10:23

*“Maaaring gawin ang lahat ng bagay,” ngunit hindi lahat ng bagay ay kapaki-pakinabang. “Maaaring gawin ang lahat ng bagay,” ngunit hindi lahat ay makapagpatibay.*

## IWASAN ANG MGA EXTREMES O SOBRA

**May Pahintulot:** May mga mananampalataya na ginagamit ang kalayaan kay Cristo ng wala sa lugar at hindi pinag-iisipan. Hindi nila pinag-aaralan ang epekto ng kanilang ginagawa sa kanilang paglago. Ni hindi rin nila iniisip kung ano ang epekto ng kanilang mga gawi sa ibang mananampalataya.

**Legalismo:** May ibang mga mananampalataya naman na ang kanilang buhay ay pinangungunahan ng mga ipinagbabawal. Naniniwala sila na ang Cristianismo ay may mga dapat sundin na mga patakaran ng pamumuhay. Ang kanilang pananaw sa Cristianismo ay base sa mga hindi nila ginagawa kaysa sa mga dapat nilang gawin. At sila ay humahatol din sa iba na malayang gumagawa ng mga bagay na gusto nila. Sila ay madalas nagpapakita ng pagiging mapagmataas, namimintas at puro negatibong bagay ang nakikita.

**Balanseng Pamumuhay:** Ang taong ito ay pinag-aaral ang mga bagay na nalilito siya, iniwasan anumang bagay na makakasakit o anumang mga bagay na hindi nakakapagpatibay. Ang pag-ibig niya sa mga kapwa mananampalataya nag naglilimita sa kanyang kalayaan, upang hindi siya maging katitisan. Siya ay laging naghahanap na mabigyan kaluguran ang Dios sa lahat ng kanyang ginagawa.

# Paggawa ng Tamang Desisyon



Ano ang kailangan kong gawin?

Sino ang dapat kong panaligan?

Saang iglesia ako dapat dumalo?

TAMA (T) o MALI (M)


\_\_\_ Ang Biblia ang natatanging mapagkakatiwalaang gabay sa ating buhay..

\_\_\_ Ang lahat ng mangangaral ay nakabase ang kanilang sinasabi sa Biblia.


\_\_\_ Mahalaga na hindi ko lang pag-aralan ang Biblia, dapat ko itong sundin.

May mga katanungan tayo sapagkat ang mundo ay nakakalito. Sino ba ang nagsasabi ng totoo? Paano ako makakagawa ng tamang mga desisyon?

## ANG BIBLIA AY NATUTURO SA TAMANG LANDAS

1. Sa mundong maraming umaangkin ng katotohanan, saan matatagpuan ang katotohanan? \_\_\_\_\_ Juan 17:17
2. Ano ang mas tamang sabihin?  Ang Biblia ay naglalaman ng katotohanan.  Ang Biblia ang katotohanan.
3. Ano ang magagawa ng Bible Study/Pag-aaral ng Biblia sa ating buhay?   
Awit 119:98 \_\_\_\_\_  
Awit 119:130 \_\_\_\_\_
4. Ang Bible study ay maganda at masaya, subalit kailangang unawain natin ang sinasabi ng Mateo 7:24-27.  
"ang sinumang \_\_\_\_\_ sa mga pananalita kong ito at \_\_\_\_\_ ang mga ito, ay maihahalintulad ko sa isang lalaking matalino na nagtayo ng kaniyang bahay sa ibabaw ng bato." v. 24  
"Ang bawat isa na \_\_\_\_\_ ng mga pananalita kong ito at \_\_\_\_\_ ay maihahalintulad ko sa isang lalaking mangmang na nagtayo ng kaniyang bahay sa ibabaw ng buhanginan.
5. Ano ang malaking kaibahan ng mga nagtatayo sa bato kaysa sa nagtatayo sa buhanginan? \_\_\_\_\_
6. Ayon sa Juan 7:17 ang taong kayang makita ang katotohanan sa mga maling katuruan ay isang tao na \_\_\_\_\_  
Ayon sa pahinang ito, hindi sapat anag alamin lang kung ano ang gusto ng Dios; kailangang piliin natin gawin ang sinasabi Niya sa Kanyang salita. Santiago 1:22-24

## MAG-INGAT SA MGA MALING GURO

7. Kung ang isang mangangaral ay sikat, ibig ba nitong sabihin ang kanyang mga turo ay biblical na rin? Oo  Hindi  
8. Maraming mga mangangaral at mga guro ngayon ang magaling pakinggankapag sila ay nagsalita patungkol sa Dios. Subalit hindi garantiya na sila ay nagsasalita sa katotohanan. Ano ang sinabi sa Mateo 7:15? \_\_\_\_\_

## PAGDEDESISYON

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, maaaring maisip mo na kulang na kulang ka sa pagkilala kung ano ang sa Dios at hindi sa mga nagdaang panahon.

Maaaring ikaw ay nakinig sa mga hindi tamang advice o ikaw ay nagpasakop sa isang iglesia na minamanipula ang mga myembro, na nagkokontrol imbis na hasain ang mga myembrong mag-aral ng biblia sa sarili nila. O ikaw ay nadala sa emotional na mangangaral nang hindi tinitimbang ang kanyang mensahe kung ito ay biblical o hindi.

Anuman ang dahilan, kung ito ay nalaman mo ng dapat magkaroon ka ng kakayahang magdiscern, ano ang dapat mong gawin ngayon?

Alalahanin mo ang natutunan mo sa Lesson 6. Para malaman mo ang pekeng pera kailangang alam mo kung ano ang mga detalye sa tunay na pera. Hindi posibleng malaman mong lahat ang mga peke o huwad. Sa paraang ito, magiging madali ang pagka alam mo sa mga peke.

Para makilala mo ang ang tama at ang mali, mahalaga na alam mong mabuti ang biblia.

Nagpapasya ako ngayon na pag-aralang mainam ang Salita ng Dios.

Magkakaroon na ako ng regular kong panahon sa pagbubulay sa Salita ng Dios. Sa bawat araw, sa oras ng \_\_\_\_\_.

Lagda \_\_\_\_\_

Petsa \_\_\_\_\_

## PAGSASALIKSIK

Paano ko malalaman ang kalooban ng Dios sa mga importanteng desisyon sa buhay ko?

Tingnan ang Appendix na may pamagat na **"Alamin ang Kalooban ng Dios"**

## PAG-ISIPAN ITO

May ibang mga Iglesia na ang paniniwala ay nakasalig sa tradisyon imbis na sa Biblia. Kadalasan, ang mga tradisyong ito ang bumabaluktot sa biblikal na katotohanan.

May naiisip ka bang ilang mga tradisyong pang relihiyon na kulang sa basehan sa Biblia? Magbigay Halimbawa

---

---

---


---

## LUMALAGONG MATATAG

Basahin  
2 Corinto 8-13  
and Awit 17  
(one chapter per day).

Kabisaduhin:  
2 Timoteo 2:15

*"Pagsikapan mong mag-ing karapat-dapat sa Dios, bilang isang manggagawa na walang dapat ikahiya, at tapat na nagtuturo ng katotohanan."*



9. Paano ko makikilala kung ang isang tunay na lalaki o babae ng Dios? Mateo 7:16-17  
\_\_\_\_\_
10. Ayon sa 2 Timoteo 2:15 Sa paanong paraan nain dapat gamitin ang Salita ng Dios?  
\_\_\_\_\_
- Laging may tukso na baluktutin ang Salita ng Dios upang ito ay umayon sa ninanais ng tao na marinig ito o sumunod sa kung ano ang uso. Tingnan ang 1 Thess. 2:3-6
11. May mga mangangaral ba binabaluktot ang Salita ng Dios? Oo  Wala   
Paano natin sila makikilala? \_\_\_\_\_



ANONG IGLESIA?

## PAANO PUMILI NG IGLESIA NA NANGANGARAL NG KATOTOHANAN?

Ang mga sumusunod na mga tanong ay matutulungan tayong pag-aralan ang isang iglesia.

- Oo  Hindi  Ang mga mensahe ba ay nagtuturo ng biblia sa maliwanag at maayos na paraan?
- Oo  Hindi  Ang mga tagapanguna ba ay mga lalaki/babae ng pananampalata-taya? Nagpapakita ba sila ng bunga ng Espirito?
- Oo  Hindi  Ikaw ba ay malayang mag-isip para sa sarili mo nang hindi pikitmatang tinatanggap na lang ang sinasabi ng mga mangangaral?
- Oo  Hindi  Malaya ba ito sa anumang uri ng spiritual manipulation o pagpipilit?
- Oo  Hindi  Ang mga myembro ba ay nagpapakita ng malasakit at kahabagan sa isa't isa?
- Oo  Hindi  Ang pagtuturo ba ng biblia ang mas nangingibabaw kaysa pagkontrol ng emotion?
- Oo  Hindi  Hinihikayat ba ang mga mananampalataya na mag-aral ng biblia sa kanilang mga sari-sariling paraan?
- Oo  Hindi  Si Cristo ba ay natataas higit kaysa sa kanilang mga mangangaral?
- Oo  Hindi  Ang mensahe ba ay laging nakakapagpatibay higit pa sa napapagalitan?
- Oo  Hindi  Ang biyaya/kagandahang loob ba ay nabibigyang-diin higit pa sa mga pamantayang ng iglesia?



## PAGPAPALIWANANG NG BIBLIA

Bakit maraming kalituhan patungkol sa pagpapaliwanag ng mga talata? Ang mga panuntunang ito ay makakatulong sa atin para maging tama ang pagpapaliwanag ng Salita ng Dios:

- Ang kasulatan ay dapat basahin ng may bukas na isip, sensitibo sa nais ituro ng Banal na Espirito. Isantabi ang mga naunang mga kaisipan o palagay.
- Ipaliban ang biblia ng literal. Iwasang i spiritualize lahat ng bagay
- Manatili sa konteksto ng mga talata sa pagbasa ng kabuuang kabanata.
- Hayaang ang biblia ay magpaliwanag sa kanyang sarili sa pamamagitan ng pagkumpara sa ibang mga talata sa ibang bahagi.
- Bigyan ng tuon ang mga matalinghagang salita tulad ng, pagtutulad, pagkakatulad, eksaherasyon, atbp. etc. Halimbawa nang sinabi ni Cristo na "Ako ang Daan..." Siya ay nagsasalita sa matalinghagang paraan



## Step 13 Ibahagi si Cristo

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Nasa sa akin yun kung gusto ko mag evangelize o ayaw ko.
- \_\_\_\_\_ Karamihan ng tao sa mundo ay pupunta sa langit.
- \_\_\_\_\_ Ang epektibong pagbabahagi tungkol kay Cristo ay ang pagkakaroon ng kahabagan sa mga naliligaw.

### BAKIT NATIN KAILANGAN MAGBAHAGI NG MABUTING BALITA?

1. Ano ang sinasabi sa Roma 3:10-12, 23 patungol sa kalagayan ng mundo?

\_\_\_\_\_

Walang sinuman ang mabuti na makakarating sa langit sa kanyang sariling paraan. Lahat tayo ay nangangailangan kay Cristo para makatungo doon.

2. Ayon sa Mateo 7:13-14 may 2 daan at 2 magkaibang patutunguhan:

Ang malapad na daan ay patungo sa \_\_\_\_\_

Ang makipot na daan ay patungo naman sa \_\_\_\_\_

Ano ang kahahantungan ng mas maraming tao \_\_\_\_\_

3. Sinabi ni Hesus sa Mateo 7:15, isa sa mga dahilan bakit marami ang naliligaw ay sapagkat marami ang \_\_\_\_\_

Tinawag ni Hesus ang mga bulaang guro/propeta na katulad ng mga lobo na nakadamit tupa upang maging kaakit-akit sila.

4. Ang 1 Juan 2:28 ay nagsasabi sa atin na \_\_\_\_\_ kay Cristo upang sa pagbabalik niya ay magkaroon tayo ng \_\_\_\_\_ at hindi tayo \_\_\_\_\_.

Ang mga nananatili kay Cristo ay susunod sa kanyang utos na dalhin ang mabuting balita sa lahat ng dako. Hindi natin alam kung kailan at anong oras Siya darating, subalit ang bawat araw ay nagdadala sa atin papalapit sa Kanyang pagbabalik Roma 13:11.

5. Ang pag-eebanghelyo ay hindi opsyonal sa mga mananampalataya. Hindi ito isang bagay na gagawin lang pag gusto. Isulat sa ibaba ang mga utos na matatagpuan sa mga sumusunod na talata.

Mateo 28:19 \_\_\_\_\_

Gawa 1:8 \_\_\_\_\_

2 Timoteo 4:2 \_\_\_\_\_


Nakita natin na, ang pag-eebanghelyo ay inutos, hindi minungkahi; subalit upang maipahayag ang mensahe nito ng epektibo, may mga ilang kailangang tuparin ang mga Cristiano.

### MGA KINAKAILANGAN SA EFFECTIVE EVANGELISM

6. Juan 3:3. Ang evangelist ay kailangang \_\_\_\_\_

7. Ayon sa Juan 15:4-5, tayo ay dapat na \_\_\_\_\_ kay Cristo.

Ang ibig sabihin nito ay dapat namumuhay tayo sa pakikipag fellowship at umaasa sa Kanya.



### PAG-ISIPAN ITO

Basahin ang Revelation 20:11-15 At pumili ng isa sa mga sumusunod:

- Nais mo bang ang pamilya o mga kaibigan mo ay itapon sa dagat-dagatang apoy?
- Mas nais mo bang makasama sila sa buhay na walang hanggan sa Langit? Pahayag 21:1- 7



### ILANG BAGAY NA DAPAT GAWIN

Sa pagkakataong ito, Itinalaga ko ang aking sarili na ipanalangin ang mga mahal ko sa buhay. Bigyan ako ng pagkakataong maibahagi si Cristo sa kanila.

Isulat ang mga pangalan:

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



**ADVICE SA MGA  
NAGBABAHAGI  
NG KANILANG  
PANANAMPALA  
TAYA**

1. Maging sincere. Alam ng iba kung totoo ka sa sinasabi mo.
2. Tingnan mo ang iyong appearance (pananamit, amoy, dapat akma sa lugar at panahon.. etc)
3. Maging Mabait. Kadalasan mas mahalaga kung paano ka nagsasalita kaysa ano ang sinasabi mo.
4. Maging Mahinahon. Hindi mo layunin ang manalo sa debate/ argument.
5. Makinig. Matutulungan ka nitong maibahagi ang mabuting balita ng mas epektibo.
6. Kabisaduhin ang mga talata na kailangan mo sa iyong pagbabahagi ng mabuting balita.

**MGA BAGAY NA DAPAT  
PANG PAG-ISIPAN:**

Isulat ang mga sinasabi ng 1 Pedro 3:15 at pag-isipan ang mga ito:

---



---



---



---



---


**LUMALAGONG  
MATATAG**

Read 1 Timoteo 1-6 at Awit 18

(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin: Roma 10:15

*"At paano makapangaral ang sinuman kung hindi naman siya isinugo? Ayon sa Kasulatan, "Napakagandang pagmasdan ang pagdating ng mga nagdadala ng magandang balita!"*



8. Ayon sa Mateo 9:36; 14:14, kailangan nating \_\_\_\_\_ sa mga tao katulad ng ginawa ni Cristo.
9. Ayon sa mateo 7:29 kailangan nating magsalita ng may \_\_\_\_\_. Hindi ito nangangahulugang magpunta tayo kung saan-saan para magpagaling at gumawa ng mga himala, kundi dapat may mga mensahe tayong dala na ayon sa Salita ng Diyos. Ang Biblia ay makapangyarihang kasangkapan na ating maaasahang kumimbinsi sa mga tao sa kanilang pangangailangan. Higit sa lahat, ang buhay natin ay dapat na nagpapakita kung ano ang ginawa ng Diyos sa buhay natin. (Mateo 5:16)
10. Ayon sa 2 Timoteo 1:8, Huwag tayong \_\_\_\_\_

**MGA TUNGKULIN NG EBANGHELISTA**

**Manalangin:** Hilingin ang gabay ng Banal na Espirito sa epektibong pagpapahayag ng Mabuting Balita sa angkop na pagkakataon.

**Pag-aralan ang Kasulatan:** Bilang mensahero ng Dios, mahalaga na ang Biblia ay pinag-aaralan palagi sapagkat ito ang nagpapatotoo kung sino si Cristo. (Juan 5:39).

**Kabisaduhin ang Plano ng Kaligtasan:** pag-aralan ang simpleng paraan ng kaligtasan na nasa dulo ng lessons na ito. Ito ay makakatulong para maging handa ka sa pagbabahagi tungkol kay Cristo sa pagkakataong darating. Mainam na ito ay sauluhi upang maging malaya ka at may confidence na ibahagi ito.

**PAGSISIMULA NG EVANGELISTIC CONVERSATION**

Umasa sa Espirito ng Dios na magbigay ng bukas na pagkakataon mabahagi ang iyong patotoo. Ang mga sumusunod na katanungan ay makakatulong na pasimulan ang pag-uusap.

- Kung sakaling mamamatay ka ngayon, at tanungin ka ng Dios: *"Bakit kita papasukin sa Langit?"* Ano ang isasagot mo?  
Ang kanilang sagot ay nagpapahiwatig kung naunawaan nila ang mabuting balita o sila ay nagtitiwala pa rin sa mga mabubuting gawa nila para maligtas.
- Sa iyong palagay, ano ang kailangan mong gawin upang mapunta ng Langit? Gusto mo bang malaman kung anoi ang sinasabi ng Biblia patungkol sa araling ito"?
- Kapag may magsasabi sa iyo Patungkol sa kanilang personal na problema tanungin mo kung: *"Pwede ko po ba kayong ipag pray ngayon?"* karamihan ng tao ay magpapasalamat sa iyong pagmamalasakit at pananalangin. Ito ay magbibigay din ng mga pagkakataon na makausap pa siya sa hinaharap.
- *Kung may ibinigay na babasahin (tracts) maaaring magsimula sa katanungangang ganito: Maaari mo bang ibigay ang opinyon mo patungkol sa baabsahing ito?*
- Kung ang pag-uusap ay napunta sa pagtalakay patungkol sa mga problema sa mundo o paligid (pagkawasak ng pamilya, krimen, droga, atbp) ipakita sa kanila na ang Biblia ay may sagot sa kanilang mga katanungan.
- *Dumating ka na ba sa puntong siguradong-sigurado ka na pupunta ka sa langit kapag ikaw ay namatay na? Kung hindi pa, nais mo bang malaman paano ka magkakaroon ng kasiguruhan?*
- *Paano mo nakikita ang iyong sarili sa espirtual na paglalakbay?*
- *May nakapagbahagi na sa iyo kung paano mo makikilala ang Diyos?*



# Step 14

## Ang Hinaharap



Tama o Mali

\_\_\_\_\_ Ang Rapture at Tribulation ay magkapareho lang.


\_\_\_\_\_ Ang nakakakilabot na panahon ng paghuhukom ay para lamang sa mga hindi sumasampalataya.

\_\_\_\_\_ Anumang oras, si Cristo ay maaaring bumalik upang tawagin ang mga mananampalataya kung saan Siya naroroon.

May mga pagkakataon na tayo ay naguguluhan sa mundo at nagtatanong, ano ba ang inihahanda ng future sa atin? Ang Dios pa rin ba ang may hawak ng ating kinabukasan. Ang Biblia ay inihayag ang dakilang plano ng Dios sa hinaharap. Ang lesson na ito ay naka focus sa mga detalye ng plano ng Dios.

**Importanteng Tandaan:** Maraming iba't ibang pananaw patungkol sa mga mangyayari sa hinaharap. Ang araling ito at ang kasunod ay inihahayag ang pananaw ng sumulat patungkol sa Pagbabalik ni Cristo bago ang Isanlibong taon (Premillennial return of Christ) at ang Pagdagit muna bago ang masaklap na paghihirap (Pre-tribulation rapture). Hindi lahat ng Cristiano ay mayroon ng ganitong pananaw. Kaya huwag hayaang maging kontrobersyal ito sa mga mananampalataya. Kung may pag-aalinlangan ka, kumonsulta sa iyong pastor. Maging malayang laktawan ang araling ito kung hindi ka umaayon dito.

### Kalendaryo ng Propesiya



#### ANG RAPTURE

Ang Biblia ay nagsasabi na sa hindi inaasahang panahon sa hinaharap, babalik si Cristo upang kunin ang Kanyang Iglesya at dalhin kung saan Siya naroon. Ito ang tinatawag na Rapture. Anumang oras sasalubungin ni Cristo sa mga ulap ang Iglesia. Ang rapture ay hindi katulad ng Muling Pagdating o Second Coming na pag-aaralan natin sa susunod na aralin. 1 Thess 4:13-18; 1 Cor. 15:51-53

Basahin ang 1 Thessalonica 4:13-18. Dito sinagot ni Pablo ang tanong kung ano ang mangyayari sa mga mananampalataya kapag sila ay namatay na. Tingnan natin ang sagot ni Pablo:

- Ano ang mangyayari pagtunog ng trumpeta at ang Panginoon ay bumaba mula sa Langit? v. 16b \_\_\_\_\_  
v. 17 \_\_\_\_\_
- Sino ang darating para kuhanin tayo? v. 16 \_\_\_\_\_
- Saan tayo makikipagtagpo sa Panginoon? v. 17 \_\_\_\_\_
- Saan tayo pupunta pagkatapos na tayo ay ma rapture? v. 17 \_\_\_\_\_

#### PAG-ISIPAN ITO

May mga mahal ka sa buhay na namatay na? Kung sila ay mananampalataya nung matatay, ano ang damdamin mo pagkatapos na mapagbulayan mo ang 1 Tesalonica 4:13-16?

---

---

---

---

---

---

---

---

Sinasabi ba ng Biblia na lahat ng relihiyosong tao ay ma rapture?

Oo  Hindi

Posible ba na mga nagsasabing sila ay mga Cristiano, subalit hindi talaga

Oo  Hindi

Ano ang mangyayari sa mga relihiyosong tao pag nangyari na ang rapture?

---

---

---

---

---

---


---

---



**LUMALAGONG  
MATATAG**

Basahin 2 Timoteo 1-4  
at Awit 19-21  
(isang chapter  
bawat araw)



Kabisaduhin  
1 Tesalonica 4:17


*"pagkatapos, ang mga buhay  
pa sa atin sa araw na iyon ay  
kasama nilang dadalhin sa  
mga ulap para salubungin ang  
Panginoon sa himpapawid.  
At makakasama na natin ang  
Panginoon magpakailanman".*

**MGA BAGAY NA DAPAT  
PAG-ISIPAN:**

May mga nakarinig ng mabut-  
ing balita subalit tinanggihan  
nilang tanggapin si Cristo.  
Ang sabi nila "kung totoo  
ang lahat ng bagay patungkol  
sa rapture at ang lahat ng  
Cristiano ay nawala/rapture,  
tatanggapin ko si Cristo".

Sa liwanag ng sinasabi ng  
Biblia patungkol sa Tribula-  
tion, ano ang sasabihin mo  
sa mga taong mayh ganitong  
pananaw sa mangyayari sa  
hinaharap? Bago mo ito  
sagutin, basahin ang Pahayag  
20:4 upang malaman ang mga  
mangyayari sa mga tatang-  
gap kay Cristo sa panahon ng  
Tribulation

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



Basahin ang 1 Corinto 15:51-53 at sagutin ang mga sumusunod na tanong:

5. "Hindi lahat sa atin ay \_\_\_\_\_ subalit lahat tayo ay \_\_\_\_\_" v. 51  
Ang salitang "natutulog" ay may kinalaman sa kamatayan. Hindi lahat ng mga mananampalataya ay mamamatay. Ang lahat ba ng buhay na Cristiano ay ma rapture o ilang lang? \_\_\_\_\_
6. Sa Rapture, ang mga nabubulok ay papalitan ng mga \_\_\_\_\_  
At hindi \_\_\_\_\_ v. 53  
Ano ang ibig sabihin nito? \_\_\_\_\_
7. Gaano katagal mangyayari ang rapture/pagdagit? v. 52 \_\_\_\_\_

Sa pagbuod: Sa anumang oras, si Cristo ay maaaring bumalik na upang kuhanin ang Kanyang Iglesia. Sa isang sandali, ang mga mananampalatayang namatay ay mabubuhay muli, at ang mga mananampalatayang buhay pa ay kukuhin upang makasama ni Cristo sa walang hanggan. Ang mga namatay at mga buhay ay mababago, tatanggapin ang bagong katawan na hindi na nakailalim sa sumpa ng kahinaan, karamdaman at kasalanan.


**ANG TRIBULATION**

Ang Biblia ay nagtuturo na pagkatapos ng Rapture, magkakaroon ng pitong taon na kaguluhan at kapighatian sa buong mundo.

8. Sinabi sa Mateo 24:21 na magkakaroon ng \_\_\_\_\_  
Na hindi pa nakikita at nararanasan ng mundo hanggang ngayon. Ang verse 22 ay ipinapakita na ito ay napakasama at walang pwedeng maka survive kung hindi lang ipapahinto ng Dios ang pangyayaring ito upang hindi na upang hindi masira ang lahat ng buhay sa lupa.

**Ang aklat ng Pahayag ay nagpahayag patungkol sa Tribulation**

- Ito ay magsisimula pagkatatapos ng pagdagit (rapture) ng iglesia ng ating Panginoong Jesu-Cristo.
- Ibbuhos ng Dios ang Kanyang galit laban sa kasalanan ng sangkatauhan. Pahayag 14:19-20
- May tatlong serye ng paghahatol. (Pahayag 6, 8-9, 15-16). kabilang dito ang digmaan, kagutuman. mga salot, mga lindol. Higit sa kalahati ng populasyon ng mundo ay mamamatay. 1/3 ng halamanan, tubig inumin, at mga lamang-dagat ay masisira. Ang mga tao ay papahirapan ng may matinding sakit na nanainisin pa nila ang mamatay.
- Ang buong mundo ay papailalim sa control ng Anticristo, ang kaaway ng Dios at ng Kanyang bayan. Pahayag 13:3, 4, 7
- Sila na piniling manatiling tapat sa Dios ay uusigin, marami ang uusigin hanggang mamatay (Pahayag 6:9-11; 7:9-14; 20:4). Magkakaroon din ng matinding pag-uusig laban sa Israel. (Pahayag 12; Mt. 24).
- Magkakaroon ng maraming mga bulaang propeta, at relihiyon, na hahantong sa malawakang pagsamba ng buong mundo sa Anticristo. (2 Tesalonica. 2:3-4, 9; Pahayag 13:8, 11-18)
- Ang Tribulation ay magtatapos sa pagbabalik ni Cristo sa lupa upang hatulan ang kasamaan at itatag ang Kanyang kaharian magpakailanman.



## Step 15

# Mga Pangyayari pa sa Hinaharap

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Magkakaroon ng malaking kasiyahan sa mga naninirahan sa mundo sa second coming o muling pagdating ni Cristo sa lupa.
- \_\_\_\_\_ Isang araw si Cristo ay magbabalik upang hatulan at maghari sa buong mundo.
- \_\_\_\_\_ Ang mga hindi sumampalataya kay Cristo ay hahautlan at itatapon sa dagat-dagatang apoy.

### ANG MULING PAGDATING NI CRISTO

Ang rapture ay ang pagbalik ni Cristo nang hindi nakikita sa lupa. Ang biblia ay nagsasabi patungkol sa pagbabalik Niya na masasaksihan ng buong mundo. At ito ang magtatapos sa tribulation o paghihirap. Habang ang mundo ay nasa kusang pagkasira nito si Cristo ay darating upang hatulan ang mundo at pasimulan ang Kanyang isang libong taong paghahari. (Millennial Reign of Christ).

1. Sino ang makakasaksi ng muling pagdating ni Cristo (second coming of Christ) sa mundo? Pahayag 1:7 \_\_\_\_\_
2. Paano mag react ang mga tao sa Kanyang muling pagdating? \_\_\_\_\_

Basahin ang Pahayag 19:11-16 at sagutan ang mga sumusunod na katanungan:

3. Siya ay darating ng may katarungan upang \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ v. 11
4. Si Cristo ay tatapakan sa pisaan ng ubas ang alak ng \_\_\_\_\_ v. 15
5. Sino ang dapat mangamba sa muling pagdating ni Cristo? \_\_\_\_\_

Sa kabaligtaran, para sa mga matuwid, ang muling pagdating ni Cristo ay panahon ng pagdiriwang na naghuhudyat ng katapusan ng paghahari ni Anti-Cristo at ito ay pagsisimula ng paghahari ni Cristo sa katwiran at katarungan.

6. Sa talatang 11, tinawag Siyang \_\_\_\_\_. Maaaring Siya ay darating para humatol, subalit ang Kanyang paghahatol ay lag-ing ayon sa katotohanan at katwiran. Ang bawat isa ay tatanggap sa kung ano ang karapat-dapat sa kanya
7. Sa talatang 16, tinawag si Cristo bilang \_\_\_\_\_. Itatag ni Cristo ang sakdal/perpekto na kaharian dito sa lupa, subalit upang mais-agawa Niya ito kailangang linisin Niya ang mundo sa lahat ng kasamaan, upang Siya ay makapaghari sa lahat ng tao nang may kapayapaan at katwiran.

In summary: sa pagwawakas ng tribulation si Cristo ay babalik sa lupa upang tuparin ang 2 bagay: humatol at maghari. Ang Kanyang paghahatol ay mabangis laban sa lahat ng kasamaan, samantalang ang Kanyang paghahari ay perpekto, matuwid at payapa.

### ANG SANLIBONG PAGHAHARI NI CRISTO (Millennial Kingdom)

Si Cristo ay maghahari. Tinatawag itong millenium sapagkat ito ay tatagal ng 1,000 taon.

8. Saan lulugar si Satanas sa panahon ng sanlibong paghahari ni Cristo? Pahayag 20:1-3 \_\_\_\_\_
9. Inilarawan sa Isaias 11:4 ang millennium bilang panahon ng \_\_\_\_\_ ng mga mahihirap at \_\_\_\_\_ ng mga masasama
10. Paano inilarawan ang kapayapaan ng kaharian ayon sa Isaias 11:6? \_\_\_\_\_

### PAG-ISIPAN ITO

Sa nakikita nating kalagayan ng mundo ngayon, madali para sa mga mananampalataya ang ma discourage na nakikita nating paglagananap ng kasamaan na parang mahirap paniwalaan na ang Dios ang may control ng lahat.

Ngunit sa kabila ng mga nakikita natin, ang propesiya sa Salita ng Dios ay nagpa-paunawa sa atin na ang lahat ng bagay na ating nakikita at makikita sa kung paano ito isinaad sa biblia.

*"...ang Diyos sa kalangitan ay magtatatag ng isang kahariang hindi maibabagsak kailanman, ni masasakop ninuman. Dudurugin nito at ganap na wawasakin ang iba pang kaharian, at mananatili ito magpakailanman. Kaya't hindi na makakabangon ang mga iyon kahit kailan." Daniel 2:44*


*"Ngunit ang mga hinirang ng Kataas-taasang Diyos ang bibigyan ng karapatang mamahala magpakailanman." Daniel 7:18*



**SURIIN**

1 Cor. 3:11-13 ay nagsasabi patungkol sa iba't ibang kagamitan na ginagamit upang ayusin ang ating buhay. Ano ang mga kagamitan na nakikita sa iyong buhay?

- Ginto, pilak at mamahaling bato
- Kahoy, damo, o dayami



**ILANG BAGAY NA DAPAT GAWIN**

Isulat ang mga pangalan ng iyong mga kakilala na wala pa ang pangalan sa aklat ng buhay.

---



---



---




---

May magagawa ka upang mabago ang kanilang patunguhan sa walang hanggan, Humiling sa Diyos na bigyan ka ng pagkakataong maibahagi si Cristo sa kanila.

**LUMALAGONG MATATAG**

Basahin  
Pahayag 19-22  
at Awit 22-24  
(isang chapter bawat araw)



Kabisaduhin: 2 Corinto 5:10

*"Sapagkat lahat tayo'y haharap sa hukuman ni Cristo at tatanggap ng narapat ayon sa ating mga gawang mabuti o masama, nang tayo'y nabubuhay pa sa daigdig na ito."*

11. Ang kasamaan ay hindi na makakapanakit o makakasira sapagkat ang mundo ay mapupuno ng \_\_\_\_\_ Isaias 11:9

**ANG PAGHAHATOL SA MGA GAWA NG BAWAT MANANAMPALATAYA**

12. Basahin ang 2 Corinto 5:9-10. Si Pablo ay laging sumusubok na bigyan kaluguran ang Diyos. Bakit? v. 10 \_\_\_\_\_

13. Ano ang pananagutan natin sa paghahatol ni Cristo (Judgement seat of Christ)? v. 10 \_\_\_\_\_

14. Kinumpara ng 1 Corinto 3:11-15 ang mga gawa ng ilang mananampalataya sa ginto, pilak at mamahaling bato na makakaligtas sa apoy ng paghahatol ng Diyos. Ang gawa naman ng ibang mananampalataya ay katulad ng kahoy, damo, o dayami na hindi makakaligtas sa pagsubok ng paghahatol ng Diyos.

v. 14 Ang gawa ng mga mananampalataya na makakaligtas ay tatanggap ng \_\_\_\_\_  
v. 15 Kung ang gawa ng iba ay masusunog, siya ay \_\_\_\_\_

Siya ay \_\_\_\_\_, subalit bilang nakaligtas lamang sa apoy. Ibig sabihin nito, ang iba ay makakarating sa Diyos ng walang anuman, walang bagay na maihaharap sa Diyos na gantimpala Niya

**ANG PAGHAHATOL SA MGA HINDI MANANAMPALATAYA SA DAKILANG PUTING TRONO NG DIYOS (THE GREAT WHITE THRONE JUDGMENT)**

Inilarawan ng Pahayag 20:11-15 ang paghahatol sa mga gawa ng mga hindi mananampalataya na haharap sa trono ng Diyos.

15. Sino ang mga hahatulan? mayroon bang makakaligtas sa huling paghahatol? v. 11-13 \_\_\_\_\_

16. Ano ang mangyayari sa mga taong hindi natagpuan ang pangalan sa aklat ng buhay? v. 15 \_\_\_\_\_

17. Pano isinalarawan ng Pahayag 14:10-11 ang dagat-dagatang apoy? \_\_\_\_\_

18. Sino pa ang itatapon sa dagat-dagatang apoy (lake of fire)? Pahayag 20:10 \_\_\_\_\_

**WALANG HANGGAN**

19. Ayon sa Roma 8:21, isang araw ang lahat ng nilikha ay makakalaya sa \_\_\_\_\_ at dadahil sa \_\_\_\_\_

Pagkatapos ng Millennial Kingdom at ng Great White Throne Judgment, sisirain ng Diyos ang sanlibutan/mundo at gagawa ng bagong langit, bagong lupa, at bagong lunsod at bagong Jerusalem (Pahayag 21:1-3) Sa makalangit na bayan, ang Diyos ay maninirahan kasama ng Kanyang mga tinubos.

20. Mula sa mga sumusunod na talata ng Pahayag, isulat ang mga ilang kundisyon na mananaig sa bagong Jerusalem at bagong sanlibutan/mundo.

- 21:4 \_\_\_\_\_
- 21:27 \_\_\_\_\_
- 22:3 \_\_\_\_\_
- 22:5 \_\_\_\_\_

## Appendix 1

### Alamin ang Kalooban ng Diyos

1. Naniniwala ka ba na posibleng malaman ang kalooban ng Diyos? Tingnan sa Awit 32:8
2. Nais mo bang sundin ang kalooban ng Diyos kahit ano pa ito o nais mo lang itong malaman at pagkatapos saka ka lang magpapasya kung ito ang landas na nais mong lakaran? Juan 7:17
3. Nakapagpasya ka na bang italaga mo nang buong-buon ang buhay mo kay Cristo? Kung hindi pa, pagbulayan mo ang Roma 12:1-2 at humingi ng payo sa isang malagong mananampalataya na.
4. May mga kasalanan ka pa bang hindi inaamin? Nagkukunwari ka bang mamuhay ng normal habang may itinatago ka naman sa Diyos? Kung oo, mag-ukol ka ng panahon ngayon na at aminin mo ang iyong kasalanan sa Diyos. Kung hindi mo nais harapin ang kasalanan mo ngayon, balewala ang paghahanap mo sa Diyos. 1 Juan 1:9; Kawikaan 28:13; Awit 66:18
5. Sinusunod mo ba kung ano ang nais ng Diyos na gawin mo araw-araw? Kung hindi pa, simulan mo na ngayon. Ang pinakamahalagang bagay ay ang sundin na ang mga kalooban Niya na alam mo na. Halimbawa, ang bawat utos na nakita natin sa Biblia ay maliwanag na palatandaan kung ano ang nais Niyang gawin natin.
6. Nakapagpasya ka na ba at hindi ka na interesado pang tumanggap ng mga payo? Nagmamalasakit ka ba sa sinasabi ng Biblia patungkol sa mga desisyon na iyong gagawin? Manalangin ka at hilingin sa Diyos na bigyan ka Niya ng puso ng naghahangad na gawin ang Kanyang kalooban kahit na ano pa ito. Filipos 2:13
7. Nananalangin ka ba ng partikular patungkol sa desisyon na malapit mo ng gawin? Isulat mo ang iyong mga kaisipan patungkol sa desisyong kailangan mo ng gawin at magsimulang ipanalangin ito. Manalangin may pananampalataya, naniniwalang ang Diyos ay bibigyan ka ng patnubay. Santiago 1:5-7, Markos 10:51
8. Kamusta ang iyong “devotional life”? Ikaw ba ay nakikipag-ugnayan pa kay Cristo sa bawat pagkakataon sa buong araw? Binabasa mo ba ang Biblia at ikaw ay nananalangin araw-araw? Kung hindi pa, magsimulang magtalaga ngayon. Kapag pinuno mo ang iyong kaisipan ng Salita ng Diyos, matututunan mong mag-isip at gumawa ng mga biblical na desisyon.
9. Ang Diyos ay nagsasalita ba sa iyo sa pamamagitan ng pag-aaral mo ng Kanyang Salita? Nararamdaman mo ba na ang bawat talata ay nananawagan sa iyong baguhin mo na ang iyong pamumuhay at gumawa ng pagsasa-ayos sa landas na pinili mo? Isulat sa notebook kung ano ang pakiramdam mong sinasabi ng Diyos sa iyo. Kung ikaw ay nagbabasa ng Kanyang salita subalit pakiramdam mo wala pang pangungusap ang Diyos sa iyo, magpatuloy ka lang sa pagbabasa at maghintay ng may pagtyatyaga.
10. Mayroon ka ba ng lahat ng kinakailangan mong impormasyon upang makagawa ka ng matalinong desisyon? Kung wala, hanapin mo kung ano ang mga kailangan mong malaman upang makagawa ka ng desisyon na pinag-aralan mong mabuti.
11. Gumawa ng listahan ng mga “pros and cons” patungkol sa desisyon na pinag-iisipan mo. Pag-aralan ang mga kalamangan at mga kawalan sa liwanag ng Kasulatan. Ang mga bagay ay hindi laging ayon sa inaakala natin sa una.
12. Ano ang sinasabi ng sentido kumon na gawin mo?
13. Ano ang nais mong gawin? May espesyal ka bang talata sa Biblia? Awit 37:4
14. Bago ka gumawa ng desisyon, tanungin mo muna kung ano ang magiging epekto nito sa iyong espirtual, pisikal, emosyonal, pakikisalamuha sa iba, at sa iyong pag-iisip. Pagbulay-bulayan ang katotohanan ng 1 Corinto 6:12. Ang katunayan na may mga bagay na hindi tiyak na pinagbabawal sa kasulatan, subalit hindi rin naman nangangahulugan na ito ay tama o nakakapagpalakas sa iba.
15. Napag-isipan mo ba kung ang iyong gagawing desisyon ay makakaapekto sa iba pang mahalagang bagay sa buhay mo? Ito ba ay dadalhin ka sa pagiging materialistic o sa makalamang pamumuhay? Magdudulot ba ito sa iyo ng mas higit na kapayapaan o mawawalan ka nito? Markos 4:19
16. Paano makakaapekto sa iba ang desisyon na gagawin mo? Magiging katitisan ba siya? 1 Cor. 10:23; Kawikaan 14:21. Ito ba ay magbibigay kalwalhatian sa Diyos? 1 Corinto 10:31
17. Ikaw ba ay humingi ng payo mula sa malagong mananampalataya? Kawikaan 15:22
18. Ang desisyon ba na gagawin mo ay maglalabag sa anumang tiyak na mga utos sa Biblia?
19. Kung hindi ka sigurado sa gagawin mong aksyon, nais mo bang maghintay muna nang may pananampalataya sa Diyos na bibigyan ka Niya ng kapayapaan at ng maayos na pangyayari? Hebreo 10:36
20. Kung mayroon ka nang panloob na kapayapaan at kumbiksyon na ito ay kalooban ng Diyos, gawin mo na ito ng may lakas ng loob. Umaksyon ayon sa iyong pananampalataya. Roma 14:23; Hebreo 11:6

## Appendix 2

### Ang Plano Ng Kaligtasan

Maraming paraan kung paano maibabahagi ang mabuting balita. Pwede nating magamit alin man doon, ngunit may mga pangunahing bagay na dapat maunawaan ang tao upang siya ay maligtas. Ang sumusunod na plano ng kaligtasan ay base sa "Ang Apat na Tuntuning Espiritual".

**1. Mahal ka ng Dios at may plano Siya sa buhay mo.**

Juan 3:16 Mahal ka ng Dios  
Juan 10:10b Ang plano ng Dios sa buhay mo

**2. Ang Tao ay makasalanan at nahawalay sa Dios.**

Roma. 3:23 Lahat tayo ay makasalanan  
Roma. 6:23 Ang bunga ng kasalanan ay espiritual na kamatayan,  
tayo ay nawalay sa Dios.  
Efeso 2:8-9 Hindi natin maililigtas ang ating mga sarili

**3. Si Cristo ang tanging daan para sa ating kaligtasan. Namatay para sa atin at Siya ay nabuhay nang muli.**

Roma 5:8 Cristo ay namatay sa krus imibis na tayo  
Juan 14:6 Si Cristo ang tanging daan  
1 Cor. 15:3-6 So Cristo ay muling nabuhay

**4. Kailangang tanggapin natin si Cristo bilang ating Tagapagligtas**

Juan 1:12 Tanggapin si Cristo upang maging anak ng Dios  
Pahayag 3:20 Si Cristo ay naghihintay na anyayahayan mo Siyan pumasok sa iyong buhay.  
Roma 10:9 Sa pananampalataya, anyayahayan mo Siyang pimasok sa iyong buhay.


# Katibayan

Ang katibayang ito ay ibinibigay kay

---

Na kasiya-siyang nakumpleto ang mga aralin sa kursong

## **Bagong Buhay kay Cristo Volume 2** **Mga Karagdagang Pangunahing** **Hakbang sa Buhay Cristiano**



*Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't  
ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan  
ninyo ang kapabingahan ng inyong mga kaluluwa. Mateo 11:29*

---

Pastor o Guro

Petsa